# *Pagtanggap Sa Inilaang Daan Ng Diyos Sa Huling Panahon*

[Sinasabi ni Kapatid na Carl Williams, "Kumusta ka na, Kapatid na Branham?"—Pat.] Kumusta, Kapatid na Carl? Mabuti. Salamat. [Kinakausap ni Kapatid na Williams ang kongregasyon, "Maaari na kayong makaupo, ngayon."] Itulak mo lang pabalik 'yang isa pang upuan diyan. Sige. Sa akin po ba? ["Opo."] Hum! Hayan nga.

2 Buweno, tunay ngang kalugud-lugod na makabalik muli sa bahay ng Panginoon, ngayong gabi, at lalong-lalo na sa dako rito, dahil nabigyan ako noon ng pribilehiyo na maihandog ang bahay na ito ng Panginoon, di pa katagalan, noong ang ating kalugud-lugod na Kapatid na Sharrit ay itinayo niya ang dako na ito rito. At inihahandog po natin ito sa Panginoon para sa Kanyang gawain. At napaka inam na makaparito sa bahay ng Diyos anumang oras. Hindi po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Isa nga itong napakainam na dako na atin pong matutunguhan.

3 At dito po sa dako rito na masyadong malamig ang klima, kung saan. . .Kung tutuusin sumadya po talaga ako rito para takasan sana 'yung lamig ng panahon, at ganoon din naman pala ang napuntahan ko rito. Nabanggit ko kagabi, "Sana di n'yo isipin na ako ang nagdala ng lahat ng lamig ngayon dito." Buweno, alam n'yo, may kasabihan nga sila na sa dako raw rito namamalagi ang tag-init kapag panahon na ng taglamig sa iba. At siguro nangungumusta lang ang taglamig, tinitingnan kung kumusta na kaya rito. Pero napakainam nga na—na makaparito anuman ang panahon.

4 Sa tuwina'y may—may katangi-tangi na akong pagkiling sa Phoenix, kahit nung maliit na bata pa lang ako. Gustung-gusto ko talaga ang Phoenix. At dito sa Phoenix ang kauna-unahan kong beses na nangaral ako sa mga tao na hindi puti. Sa mga Indian po. Humayo ako sa reserbasyon. Sa palagay ko'y may mangilan-ngilang tao rito ngayong gabi na naaalala pa nung ako po'y magbitiw ng pangako sa Diyos sa entabladong ito: na kung pagagalingin Niya ang isang lasenggo at isang babae na may TB, hahayo ako sa mga reserbasyon para—para makapag-ministeryo sa mga Indian. At sila ang naging tanda sa akin nun. At silang dalawa po'y pinagaling. At humayo ako sa Apache Reservation, at doon po'y nagbigay ng dakilang katagumpayan ang Panginoon.

5 Di ko lang po maalala 'yung pangalan nung ginang doon na pinagaling na may kanser. Isa pong katangi-tanging kaso. Sa

palagay ko isa siya sa mga nagmimisyon doon, ng Assemblies of God, 'yun po ang naaalala ko doon. Humayo kami kasama siya, si Mitchell. At 'yun po pala. Mayroon po ba rito na nakasama noon sa pagtitipon sa reserbasyon, nung gabing 'yun? Sa tingin ko. . . Oo. Siyanga.

6 Iniisip ko—iniisip ko nga na baka mahihirapan ako nung nagpunta ako roon. Di ko—di ko mapaunawa sa kanila ang ibig kong sabihin. Hindi ko malilimutan ang gabing 'yun. Mayroon pong. . . Matagal pa po muna akong nangaral, at sinaysay ko sa kanila ang tungkol kay Cristo. Nakatayo ako noon sa mga baitang ng bulwagang-pagmimisyon. At napuno nila ang lugar, mayroon pa ngang nasa labas na. Kaya haya't nangungusap ako sa kanila. At isa sa katangi-tanging bagay, nung gabing 'yun, ay nung 'yung—'yung matandang kapatirang Indian ay dinala nila roon na nakaratay sa isang palapad na tabla, at buong magdamag 'yun hanggang mag-umaga. At sila—sila po'y basang-basa, dahil sinuong nila 'yung lapad nung—nung ilog. Binagtas nila ang dakong 'yun ng ilog, sa kung saan, at dinala sa bulwagan 'yung lalaki.

7 Tinanong ko 'yung kabataang anak. Sabi ko, "Di ka ba natatakot na baka magka-pulmonya ka?"

Sabi niya, "Iniingatan ako ni Jesus Cristo. Gusto ko lang po talagang dalhin ang tatay rito."

"Mabuti." Sabi ko, "Nananampalataya ka ba na gagaling siya?"

"Opo."

8 Malubha nga ang panginginig nung matanda dahil sa palsy. Binuhat siya roon nung dalawang kabataan. Ipinanalangin ko 'yung matandang lalaki.

9 Ilang sandali pa nakarinig ako ng paghiyaw. Tumingin ako sa ibaba; hayun ang matandang lalaki't sukbit-sukbit ang tabla sa likuran niya, patalon-talon, kumakaway-kaway sa bawat isa roon. Sadya ngang simpleng pananampalataya lang talaga para makapanampalataya, ang kailangan.

10 Naaalala ko 'yung gabing 'yun, may isang kalugud-lugod na matandang Indian na babae, mahahaba 'yung tirintas niya sa buhok na nakababa nang paganito. At naka-saklay siya, at 'yung mga saklay ay talagang gawa-gawang bahay lang, 'yung mga 'yun, parang tungkod lang ng walis na may inilagay lang na kapirasong tabla sa ibabaw nun, parang dos-por-kuwatro, at pagkatapos may nakabalot lang na basahan sa palibot. At, kung tutuusin, 'yung kasunod sana ay 'yung. . . Naroon naman na 'yung babae sa may pila, nakapila na roon sa loob ng gusali. Pero may munting, kabataang Indian na lalaki, matipunong-tingnan na munting lalaki. Naunahan niya ang lahat ng mga naroon, at nauna siya sa pila. At 'yung kaawa-awang matanda ay talagang hirap na hirap na maiusad niya 'yung mga tungkod

niya. Haya't nakasaksi siya sa dalawa o tatlong pagpapagaling bago siya pumaroon sa pila.

11 At sa isip-isip ko, nung tumingin siya sa akin, at hayun nga ang naglalakiha't, malalalim niyang mga kulubot, may mga luhang gumuguhit dun sa mga malalalim na kulubot na 'yun sa pisngi niya, sa isip-isip ko, "Nanay siya ng kung sinuman." Wala po akong binigkas na anumang salita sa kanya, ni di ko nga siya ipinanalangin, o anuman. Haya't tumingin lang siya sa akin. At habang nakatingin siya sa akin, iniabot niya ang mga saklay niya sa akin at lumakad na palayo, ganoong kasimple.

12 May inaayos lang po sa mikropono ang anak kong lalaki rito. Mas naririnig n'yo na bang maigi? May nabasa po akong kuwento tungkol sa isang—isang—isang biik na dinala sa isang santuwaryo, at sa palagay ko'y napansin n'yo rin. [Inaayos ng isang kapatiran ang mikropono ni Kapatid na Branham—Pat.] Ngayon, mas mainam na ang tunog, kahit paano. Parang buhay rin po 'yan. Maraming buhol-buhol kung tutuusin, hindi po ba?

13 Ngayon marami ang nakatayo, at—at sinisikap natin na di na—di na kumain pa ng maraming oras hanggang sa makakaya natin. At kayo po'y kalugud-lugod na mga tao, na ako—ako nga po'y napapatagal tuloy ng pagsasalita sa inyo.

14 At naparito po kami ngayon na bumibisita kasama ang Full Gospel Business Men's Fellowship. At 'yung pinaka kombesyon ay gaganapin sa Ramada, simula sa pagtatapos ng. . . Tingnan po natin, ano pong petsa? [May nagsasabi, "Ika-dalawampu't apat."—Pat.] Sa ika-dalawampu't apat. Ika-dalawampu't apat hanggang sa ika-dalawampu't walo, sa Ramada Inn. At may ilan pong maiinam na mga magsasalita na dadalo sa dako roon, sina Kapatid na Oral Roberts at marami pang iba. At ako. . . Sa tuwina nga'y nagtatamasa kami ng mainam na panahon dun. Na, kapag ang mga tao'y magkukubli-kubli't maglalakip-lakip tulad nun, nagtatamasa nga kami ng mainam na panahon sa Ramada Inn.

15 Marahil magdadaos si Kapatid na Oral at ako ng gawain ng pagpapagaling sa dako roon. Di n'yo masabi. Napaka inam po nun. Oo. Mangyaring—mangyaring hindi pa kami—di pa kami nakakapagdaos ng isa na magkasama kami. Di ko lang alam kung anong tingin niya sa pagdadaos ng isa, siya at ako na magkasama, pero handa po ako. Kung papayag siya sa akin, aba po, sisikapin namin, at mangyaring mananalangin para sa mga taong may sakit.

16 At matagal na kaming hindi nagdadaos ng mga gawain ng pagpapagaling, kung napansin n'yo. Matagal na kaming hindi namimigay ng mga prayer card o kung ano, dahil siksikan sa maliliit na mga iglesya, alam n'yo. At 'yung mga tao, napaka hirap ayusin ang pagpasok at paglabas ng mga tao. At kapag maremedyuhan mo naman 'yun, nagkakaroon ng pagkakalabo-

labo't halo-halo na, at 'yung mga tagapangasiwa sakali mang magkasunog ay di nila 'yun magugustuhan. Kaya parang inalis na namin 'yung gawain ng pagpapagaling sa mga pagtitipon, at paglalahad na lamang po ng simpleng, munting Ebanghelyong Mensahe. Para . . . At ang presensya n'yo, at pakikipagtulungan n'yo sa akin, at maging ang mga pananalangin n'yo sa akin, ay malaking kalakasan sa akin na makaparito. At umaasa ako na ang mumunting mga mensahe'y magiging malaking kalakasan na kayo'y magpatuloy lamang, na namumuhay para kay Cristo.

17 At napansin ko, maraming beses, ang mga tao'y mula pa sa iba't ibang iglesya. At dahil dun ay nagkakakilala po tayo, at— at tayo'y nagiging . . . malapit na malapit sa isa't isa. Gustung-gusto ko 'yun. Masasabi nga natin na nakaupo na tayo rito, sa Makalangit na mga dako, dahil doon naman tayo patutungo sa ganoong klaseng dako kung saan magkakasama-sama tayo sa Makalangit na Dako, sa Langit.

18 Haya't may natanggap akong kaunting kritisismo sa liham nung isang araw. Sige't ikukuwento ko lamang habang tayo'y inihahanda natin ang pakiramdam n'yo. Kahit sinong ministro ay naranasan na ito, na may sasabihin muna kayo na kaunti, para maihanda ang iyong sarili sa harap ng mga nakikinig, at ang mga nakikinig naman sa iyo. Mayroon pong . . .

19 May isa pong kalalakihan sa pagnenegosyo ang naglathala nung artikulong 'yun sa kanilang . . . sa Business Men's *Voice*, tungkol sa—sa isang munting . . . Sa palagay ko'y tatawagin natin 'yung isang pangitain. At medyo iba 'yun, sa madalas, na mga pangitain na nakikita ko. Ako po raw . . . ay bigla na lang iniangat mula sa kinalalagyan ko, paitaas. Mukhang, di naman ganoong kataas sa bubungan ng gusaling 'yun. At naroon po raw ako sa ibang dako na 'yun kung saan nakita ko roon ang mga nagsiyao na. Marami sa inyo ang nabasa na 'yung artikulo, siyanga. At sa dakong 'yun, matapos na sabihin Niya sa akin kung sinu-sino sila . . . kung sino sila, at sila nga'y bumalik sa kanilang kabataan. At sila'y talagang . . .

20 Ako po'y may pangamba lagi na mamatay. Di ako takot na baka ako'y mapunta sa kapahamakan, pero di ko po gustong maging espiritu. Ako nga'y . . . Gusto kong manatiling maging tao, isang tao. Dahil, nakagawian ko na ang pagiging tao, na nagagawa kong makipagkamay sa mga tao. Naisip ko, "Ano kaya kung pumaroon na ako't katagpuin ko si Kapatid na Rose, at siya kaya'y itsurang munting, puting ulap o kung ano kaya? Siguro'y makikilala ko pa rin na si Kapatid na Rose 'yun, sa kung anong paraan, pero hindi ko siya makakamayan marahil. Di ko siya makakausap marahil. O . . . " Sa—sa isip-isip ko, "Ang saklap naman?" Pero, naisip ko, "Sa pagbalik ko naman, hayan nga, ako nama'y mabubuhay na mag-uli."

21 Di ko nga naisip 'yung Kasulatan na 'yun noon, na, "Kung ang tabernakulong ito na ukol sa lupa ay masira, may isa tayo na nakahanda na."

22 Kaya po nung umaga ring 'yun, bumangon ako. Iniisip ko, "Naku, singkuwenta anyos ka na. Kung may bagay ka na iyo mismong gagawin para sa Panginoon, aba'y dalian mo na. Ikaw nga'y tatanda't tatanda na, paglaon."

23 At bigla-bigla na lang, pumailanlang ako sa dakong 'yun, at natatanaw ko nga't nakikita ko ang sarili ko dun sa ibaba. Di pa ako nakaranas nang ganoon noon. Maraming beses kapag nagkakaroon ako ng mga pangitain ay nakikita ko na lang ang sarili ko na nakatayo sa isang dako, at pagkatapos. . . Oh, kung di mo 'yun maaapuhap, iisipin mo na nawawala ka sa iyong katinuan. Ikaw, ikaw kunwari'y nakatayo *rito*, tapos hayun ka na pinapanood mo 'yung sarili mo *roon*. At tapos mawawala ka na *rito*, at nakalipat ka na sa sarili mo *roon*. Uh-huh. Tapos puwedeng sa panahon na nagdaan, mga taon sa hinaharap, at kung ano pa. Mahirap pong ipaliwanag. Di mo magagawa. Di mo 'yun maipapaliwanag.

24 Hindi mo maipapaliwanag ang Diyos. Kinakailangan mong manampalataya sa Kanya. Kita n'yo? Kung magagawa mong maipaliwanag kasi 'yun, hindi na 'yun pananampalataya. Kaya kinakailangan mo lang na sampalatayanan ito.

25 At pagkatapos na sabihin Niya sa akin, matapos na makita ko ang mga taong 'yun, at sila'y. . . may mga katawan po sila. Sila. . . Di sila puwedeng magkasala. Ang mga kalalakiha't mga kababaihan. . . Niyayakap ako nung mga kababaihan, at sila'y mga babae po. Pero wala ngang posibilidad na magkakasala ka uli roon, dahil, kita n'yo, 'yung mga glandula ng ating katawan ay mababago sa dako roon. Tayo nga'y. . . Sa ngayon magkaiba ang kasarian natin, dahil para 'yun sa pagpaparami sa mundo, at tayo—tayo nga'y nag-aasawa para magkaroon ng mga anak. Pero doon nga'y di na 'yun kailangan. Wala nang mga anak na maipapanganak. Wala na nga tayong seksuwal na glandula sa bagong daigdig na 'yun, kita n'yo, wala na. Pero, sa kabila nun, ang mga kababaiha'y kababaihan pa rin, sa itsura. At ang mga kalalakihan ay ganun din na kalalakihan pa rin. Pero wala na ngang kasarian ng lalaki at ng babae sa kalagitnaan nila, sa ganoon pong paraan. At wala na roon ang mga glandula, kaya wala nang anumang paraan na si Satanas ay makagagawa siya uli ng pandaraya sa kanila. Kaya, doon nga, napansin ko.

26 Hayan nga ang mga kababaihan na tumatakbo palapit sa akin at niyayakap ako sa bisig nila, at nagsasabi, "Kalugud-lugod naming kapatid, lubos akong natutuwa na naparito ka." Ngayon, kamangha-mangha po talaga. Lahat sila, kabataan, lahat sila'y pinaka magagandang kababaihan, mahahaba ang

buhok, mahahaba ang damit, alam n'yo, na parang toga, puti't mala-sedang kasuotan. At napaka ganda nilang tingnan!

27 Tapos heto't parating ang mga kalalakihan, talagang. . . At sila ang pinaka maiinam na lalaking nakita ko kailanman, ang itsura nga nila'y parang nasa beinte anyos lang sila. At 'yung mga mata nila, nagniningning. Sila, oh, sila'y talagang bawat katiting nila'y lalaking-lalaki talaga. At talagang namangha po ako. At inaakbayan nila ako at niyayakap ako at sinasabi, "Kalugud-lugod naming kapatid."

28 Nagtataka talaga ako kung paano. Tumingin ako sa ibaba at nakikita ko naman ang sarili ko *rito* sa ibaba, hayan nga, na nakahiga. Buweno, heto na nga, sa isip-isip ko, "Kakatwa." At pagkatapos nagtanong ako.

29 May isa ngang tunay na kalugud-lugod na binibini roon na lumapit sa akin, niyakap ako sa bisig niya, sabi, "Oh, Kapatid na Branham, lubos kaming natutuwa na nakaparito ka, aming kalugud-lugod na kapatid."

30 Tumingin ako sa kanya, at umalis na siya. At 'yung Tinig na 'yun na nakikipag-usap sa akin, ang sabi, "Hindi mo ba siya nakikilala?"

Sabi ko, "Hindi—hindi po."

Sabi, "Siya 'yung babaing lampas nobenta anyos na noong maiakay mo siya patungo kay Cristo."

31 At naroon nga siya, ang pinakamagandang babae na nakita ko, sa itsura ng kababaihan. At sabi ko, "Kaya naman pala ang sabi niya 'Kalugud-lugod na kapatid.'" Kita n'yo? Ngayon di na siya mag-iiba. Ganun na ang katayuan niya sa buong Walang Hanggan.

Sabi ko, "Gusto kong makita si Jesus."

32 Sabi, "Siya'y nasa dakong mataas pa. Darating ang araw na Siya'y darating, at ikaw ay pagsusulitin sa Ebanghelyo na iyong ipinangaral, dahil ikaw ang nasa unahan."

Sabi ko, "Buweno, si Pablo ba'y magsusulit din sa tabi ng mga tao niya?"

Sabi niya, "Oo."

Sabi ko, "Ipinangaral ko ang siya ring Ebanghelyo na ipinangaral niya. Sadyang kung papaanong isinaysay niya Ito, sa ganoong paraan ko Ito sinaysay."

33 At pagkatapos milyon-milyong mga tinig ang nagsibunyi, "Kami'y nakasandig Diyan."

34 Pagkatapos may kakatwang bagay na nangyari. Nung araw ay may munti po akong, sinasakyang kabayo, at ang tawag ko—ko sa kanya ay Prince. At ganoon na lamang ang pagkagiliw ko sa matandang kabayo na 'yun. Madalas akong sumasakay sa kanya noon kada umaga, bago mag-eskuwela, ipinupuwesto ko

na 'yung mga patibong na panghuli ko. At nakita ko po roon ang munting matandang kabayo na ito na lumalapit sa akin, at idinantay ang kanyang ulo sa balikat ko, at suminghal nang marahan. At tinapik ko siya nang marahan. Sabi ko, "Prince, alam ko na mapupunta ka rin dito." At nakaramdam ako na may dumila sa kamay ko. Ang matandang aso ko pala. Siya ang dahilan kung bakit nakapag-eskuwela ako, nakakabili ng mga damit, dahil sa pangangaso. Sabi ko, "Prince, o Fritz, alam ko na mapupunta ka rin dito."

Pagkatapos naramdaman ko na 'yun. Bumalik na ako.

35 At nailathala po 'yun sa Christian Business Men's *Voice*. At kaya may ministro na lumiham sa akin nung isang araw. Ang sabi niya, "Ikinatutuwa ko ang pangitain na 'yan, Kapatid na Branham. Tama sa pakinig ang lahat hanggang sa banggitin mo na 'yung tungkol sa kabayo. Ang Langit ay ginawa para sa mga tao. Walang kabayo sa Langit."

36 Buweno, sabi ko, sumagot ako sa liham. Sabi ko, "Kapatid, hindi ko sinabi na nasa Langit ako. Tinatanong ko pa nga kung nasaan si Jesus, at Siya pala'y nasa ibayo pa raw." Sabi ko, "Pero kung makalilingap po sa inyo ito nang kaunti, sa aklat ng Apocalipsis, sinasabi dun, 'Noong lumitaw si Jesus sa Langit ng mga langit, nakasakay Siya sa isang puting kabayo.' Ang buong hukbo ng Langit ay nakasunod sa Kanya, nakasakay sa puting mga kabayo. Kita mo? Mangyaring doon nanggagaling sa Langit ng mga langit."

37 At 'yung nagbunsod ng mainam kong pakiramdam, nung ako nga'y pabalik na, sinabi Niya, "Lahat ng minamahal mo, at lahat ng nagmamahal sa iyo, ay ibinigay na sa iyo ng Diyos."

38 Darating ang isang maliwanag na araw, sa kabilang ibayo, na magiging pinagbago na. Di ko puwedeng hayaan. . . Di n'yo puwedeng hayaan, mga kapatid, na hindi kayo makapunta sa dakong 'yun. Huwag n'yong hayaan na magka ganoon. Anuman ang ginagawa n'yo, maging. . . Huwag po kayong mangamba. Di n'yo kailangang mangamba. Wala pong dahilan para kayo'y mangamba.

39 Oh, nung namalayan ko nang pabalik na ako, nalungkot nga ako. "Kinakailangan ko na bang bumalik? Kinakailangan ko na bang bumalik, sa bagay na ang katayuan nito ay aking pinangangambahan?" Kita n'yo? At hayan nga na kapag nagtungo na tayo dun sa binuhay na mag-uling katawan, hayan nga't kakain tayo at iinom. Di sila kumakain at umiinom. Di nila kasi kailangang kumain at uminom. Di sila nanghihina, at di sila napapagod. Sadyang. . . Walang salita ako na magagamit ko para dun. Sadya pong perpekto; di pa nga sapat ang salita na 'yan. Talagang higit pa sa sinasabi kong perpekto. Sila—sila nga'y naparoon, hayan nga, sa—sa dakong 'yun, at talagang kahanga-hanga roon.

40 Kaya, oh, pakinggan n'yo, mga kaibigan. Sa—sa tingin ko'y nasa tama naman akong pag-iisip, at alam ko—ko—ko na para pong kakatwa ito sa pakinig. Pero di ko nga magawa, at ni subukan ko man, ay di ko maipaliwanag ang mga bagay na 'yun sa mga tao. Maraming bagay ang. . .Talagang lagpas sa kayang abutin ng pagpapaliwanag. At magbubunsod ka lang ng kalituhan sa isip ng mga tao. Pero kung susubukan ko, at ako nga'y may pagnanais na gawin 'yun, sadya ngang nakaka gulat ito.

41 Pero pansinin n'yo ito. Sinasabi ko ito. Huwag po kayong matakot. Isang panakot lang ang kamatayan, na isa lamang hadlang na marating n'yo ang isang bagay. Grabe, talaga pong maluwalhati! Talagang higit sa anumang bagay na maisip n'yo. Di na nga nakapagtatakang sinabi ng Biblia, "Di nakita ng mata, di narinig ng tainga, ni di pumasok sa mga puso ng mga tao ang bagay na inihanda ng Diyos sa kanila na mga umiibig sa Kanya." Oh, kung magagawa lamang na makasilip lampas sa tabing ng panahon! Hayan nga, talagang pinagsisikapan ko nang husto sa buong buhay ko, na makaakay pa ng mga tao patungo kay Cristo, simula nun. Hindi n'yo puwedeng hayaan na di kayo makapunta roon. Huwag n'yong hayaan na magka ganoon. Siguraduhin n'yo na kayo'y naiwasto sa Diyos, at ang iba pang mga bagay ay magiging panatag.

42 Ngayon, may ilan lang akong kaunting mga tala na nailista ko rito, sa palagay ko'y mangungusap lang ako ng kaunti mula sa mga ito. At sa palagay ko bukas ng gabi ay dadako kami, na mga dalawampung milya ang layo rito, o higit pa. Sa Mesa, sa palagay ko. Mesa. Mesa po ba? Mesa. At sa kasunod na gabi sa Tempe, Tempe. At narito sa bulsa ko ang iskedyul, nakasulat dun sa papel na ibinigay sa akin ni Kapatid na Williams. Pero, masyado lang po akong maraming ginagawa, na di ko pa nga nasisilip ito nang maigi. Si Billy nga'y pumupunta lang sa akin at sinusundo ako, at magsasabi, "Pupunta tayo sa *ganito-at-ganoon* at *ganito-at-ganoon*, at sige't lalarga na tayo kaagad." Kaya naman sa pagdating ko po rito, ay hayan nga't parang pinahihingal niya ako. [Tumatawa ang kongregasyon—Pat.]

43 Ngayon, ang lahat po ba'y nakararamdam ng pagkapuspos? Sabihin n'yo, "Amen," kung ganun. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mabuti po. Mainam kung ganoon. Ngayon, atin na pong iyuko ang ating mga ulo ngayon.

44 Habang, heto nga tayo, na ang ating pagkamasayahin at sa paglalahad natin na masayahin tayo. Tayo po'y mga kabataan, at tayo po'y nagkakatipun-tipon at nagsasalita na parang mga kabataan. At tayo. . .Maging ang Diyos po ay masayahin, alam n'yo.

45 Kaya iyuko na po natin ang ating mga ulo ngayon at tayo'y mangusap sa Kanya bago natin basahin ang Kanyang Salita.

Habang nakayuko ang ating mga ulo, mayroon po kaya rito na may kahilingan na nais maisama sa panalangin? Ipaalam n'yo po sa pamamagitan ng pagtaas ng inyong kamay. Pagpalain kayo ng Diyos. Iyuko na po natin ang ating mga ulo ngayon.

46 Makalangit naming Ama, kami po'y dumudulog sa Iyong Presensya ngayon habang nakayuko ang aming mga ulo at ang aming mga puso sa pagpapakumbaba. Kami'y dumudulog sa pamamagitan ng pananampalataya, lampas sa ibayo ng buwan at ng mga bituwin, dumudulog sa may Luklukan ng Diyos, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, dahil nakatitiyak kami na kung kami ay dudulog sa Kanyang Pangalan ay Iyo ngang diringgin kami. Kami'y tatanggapin sa Iyong Presensya sa pamamagitan ng Kanyang Pangalan. Isa ngang malaking pribilehiyo, ang mapagkilala namin na kami'y tanggap sa Presensya ng Diyos, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

47 At sinabi Niya sa amin, Ama, na anuman ang hingin namin sa Kanyang Pangalan, na sa Iyo, sa Iyong kasaganahan ng awa at biyaya, ay patatawarin kami sa aming mga pagkakasala at ipagkakaloob sa amin ang aming minimithi. Ama, kami po'y lubos na nagagalak para riyan. Wala ngang ibang bagay na naiisip kami, na hihigit pang pribilehiyo, kaysa sa makamit ang pribilehiyong ito.

48 Isa ngang pribilehiyo para sa amin na mga mamamayan ng Amerika na makadulog kami sa aming presidente. At hayan nga, ang dapat naming pagdaanan, para lamang makadulog sa presidente sa kahit kaunting panahon lang niya, sa masyadong abala niyang iskedyul. Haya't dadaan kami sa kung saan-saang mga opisina, at—at kung saan-saan papupuntahin, para lamang makadulog, at masabi namin ang kadahilanan namin, at—at kami'y kinakailangan pang masiyasat maigi bago makamit ang pribilehiyong 'yun.

49 Pero, ang bulayin 'yun: na ang Diyos, na Maylalang ng kalangitan at lupa, ay naghihintay lamang sa aming pagdulog. Kami, na di karapat-dapat na mga makasalanan, hinihintay lamang Niya na kami'y dumulog sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na may kasiguraduhan na ipagkakaloob sa'min kung ano ang hinihiling namin, kung makasasampalataya lamang kami na matatangap namin iyon. Kaya naman, babantayan naming maigi ang aming mga kahilingan at heto kaming nababatid na di kami basta magsasalita na walang kabuluhan o hihiling na walang kabuluhan. At kung magawa man namin, idinadalangin namin na Iyo kaming patawarin, Panginoon.

50 At humihiling po kami sa gabing ito ng kaawaan sa bawat isa na mga nagsipagtaas ng mga kamay na ito. Nawa'y ang mga kahilingan nila'y maipagkaloob sa kanila, Panginoon. Nawa'y maramdaman nila ang kasiguraduhan sa kanilang mga puso sa oras na ito, habang kami'y nasa Iyong Presensya.

Na, kapag iminulat na namin ang aming mga mata't itaas na namin ang aming mga ulo mula sa alabok, kung saan Mo kami hinulma, nawa'y maramdaman namin ang nakaangklang kasiguraduhan na talagang naipagkaloob na sa'min ang mga bagay na hiniling namin.

51 Kami po'y humihiling para sa ilan, Panginoon, na marahil narito sa gusaling ito ngayong gabi, na di pa nakadudulog sa Iyong Presensya, na sa pamamagitan nga ng pananalangin, ay kami'y makahiling ng pagpapatawad sa kasalanan. Nawa'y ang gabing ito ay maging gabi na may bagay na maipangungusap, o may bagay na maipangyayari, o may pagkilos na gagawin ang Espiritu Santo na magdudulot sa mga puso nila na maantig at humiling sila ng mapagpatawad na biyaya.

52 Iyong pagalingin ang mga maysakit. Panginoon, dalangin namin na Iyong ipagkakaloob sa kanila, sa gabing ito, ang kasiguraduhan na ang panalangin na may pananampalataya ay idinadalangin na ngayon. "At ito'y magliligtas sa mga may sakit." Sapagkat masasabi namin, at hayang idadagdag namin ito, na 'yan nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, dahil ito'y nasusulat sa Salita ng Panginoon.

53 Ngayon, Ama, dalangin namin na Iyong pagpapalain ang munting mga pahayag na ito na inilaan ngayon para sa Iyong Salita. Ikaw po'y humango ng konteksto sa pagbasa rito para sa bawat puso. At kung ako man ay mabigo sa kung anong paraan, Panginoon, at mapalampas ko ang pahid ng Espiritu Santo, nawa'y Siya sa Makalangit na biyaya'y pumaroon po kasama ng Salita at ilagay ito sa puso kung saan ba dapat ito mailagay. At nawa sa gabing ito ay makita namin ang kamay ng Makapangyarihan sa lahat na aabot sa kalaparan ng gusali na ito, at magpangyari ng mga bagay na lubos na masagana sa lahat ng magagawa namin o maiisip. Sa paglabas po namin sa gabing ito at sa pag-uwi namin sa kanya-kanya naming mga tahanan, nawa'y masabi rin namin gaya nila na mga buhat sa Emmaus, "Hindi baga't ang mga puso nati'y nag-alab sa loob natin, habang nakikipag-usap Siya sa atin sa daan?" Sapagkat hinihiling po namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

54 Ngayon, marami po sa mga tao ang nakagawian na nilang ilista, at 'yung tektso nga na ginagamit ng ministro. At aking, kung handa na po kayo ngayon, nais kong bumasa sa dalawang dako ng Banal na Kasulatan. Dito po, sa Genesis sa ika-22 kabanata, dito muna tayo dadako at babasa. At pagkatapos sa San Juan 12:32, 'yan ang ikalawang babasahin natin na bahagi ng Kasulatan. Ngayon, sa Juan. . . Sa Genesis 22, simulan natin sa ika-7 talata ng ika-22 kabanata.

*At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak*

*ko. At sinabi, Narito ang apoy at ang kahoy: nguni't saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin?*

*At sinabi ni Abraham, Anak ko, Dios ang maghahanda ng kordero* na *pinakahandog na susunugin: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama.*

55 At ngayon sa San Juan 12:32, mababasa po natin ang mga Salitang ito na nanggagaling sa labi mismo ng Panginoon.

*At ako, kung ako'y mataas na mula sa lupa, ang lahat ng mga tao ay palalapitin ko sa akin.*

56 At ngayon para sa isang teksto na ninanais kong ipangusap mula roon, tungkol dito, heto po, "Pagtanggap sa inilaang daan ng Diyos para sa huling panahon." Hayaan n'yong sabihin ko uli, dahil, itiniteyp ito. Sa palagay ko po'y itiniteyp nila ang mga Mensaheng ito. At sa mga teyp na mayroon na kami, nasa limang daang teksto na sa palagay ko ang naipangaral ko, na may pagkakapareho rito, pero di saktong ganito. *Pagtanggap Sa Inilaang Daan Ng Diyos Sa Huling Panahon.*

57 Alam n'yo, napakarami nang daan na—na tinatahakan ng tao, pero sa totoo lang ay dalawa lang naman ang daan na puwedeng tahakin ng tao, 'yun ay, yaong tamang daan at ang maling daan. At lahat tayo rito, sa gabing ito, naroon tayo sa isa sa mga daan na ito, sa tama o dun sa mali. Wala pong gitna. Sinabi ni Jesus, "Hindi mo puwedeng pagsilbihan ang Diyos at ang *kayamanan*," na ang ibig sabihin, "ang sanlibutan." Tayo'y nasa tama o nasa mali.

58 At kung makaaalis lamang tayo mula sa sarili nating daan, ay 'yun nga ang tanging paraan para makaparoon tayo sa daan ng Diyos. At ang Diyos ay may inihanda nang daan na inilaan para sa lahat ng bagay. May inilaan Siyang daan. At nadadako nga tayo sa kapahamakan, dahil di tayo tumatahak sa daan na 'yun, at—at ipinapasok natin Dito ang sari-sarili nating paraan. At 'yun ang nagdudulot ng pagkabaluktot. At anumang bagay na binaluktot ay—ay hindi maaasahan. Yamang, ang Diyos ay gumawa ng isang daan. At sige't tingnan natin ang ilan sa mga daan Niya.

59 Kumuha tayo ng halimbawa rito sa kalikasan. Dahil, ang kalikasan ang una kong Biblia. Alam ko na ang Diyos ay isang Manlilikha, at Siya ang naglikha sa kalikasan. At naglulumagi Siya sa Kanyang nilikha, sa kalikasan.

60 Kunin nating, halimbawa, itong punongkahoy. At sumilong nga ako dun sa isang puno, kani-kanina lang sa labas, o si Billy po, at dun sa mga sanga nun. At napansin ko na 'yung mga dahon nun ay nahuhulog. Ngayon, wala nga tayong kakayahan, o kahit sa hinaharap ay di natin magagawa, na makahanap ng ibang mas mainam na paraan para ang isang punongkahoy ay maikubli niya ang kanyang buhay sa panahon ng taglamig na haya't mas

iinam pa, sa inilaang pamamaraan ng Diyos para rito na ikubli ang buhay nito.

61 Ngayon, ano kaya kung susubukan nating umimbento ng kung anong ibang paraan maliban dun sa regular na inilaang pamamaraan para sa puno? Ano kaya kung tuwing Agosto o Septiyembre, lalong-lalo na sa lugar kung saan ako nanggaling, sa Hilaga, ano kaya kung makapupunta tayo dun sa taniman ng mga puno ng mansanas at magdadala roon ng kung anong uri ng—ng instrumento at ilalagay ’yun sa loob ng puno, nang mga panahon ng Agosto matapos na mahinog ang mga bungang mansanas, at hihigupin ’yung buhay na naroon sa loob ng puno at dadalhin ’yun sa isang mainam na mainit na lugar, at dun ay iingatan ’yun sa buong taglamig, ’yung buhay, ’yung buhay na naroon sa dagta nung puno, at ilalagay ’yun sa isang mainam na mainit na lalagyan at itatago dun hanggang sa Tagsibol, at pagkatapos ay ipapasok uli ’yun pabalik sa puno? Alam n’yo, hinding-hindi nga ’yun gagana. Hinding-hindi ’yun uubra. At ang tangkahing gawin ’yun ay ikamamatay lang nung puno.

62 Mangyari kasing ang Diyos lang ay may daan para ingatan ang buhay na ’yun sa buong taglamig. Ang Diyos ang gumawa ng daan. Yamang may pagkabatid na aabutan ng taglamig ang puno, Siya’y gumawa ng daan para rito. Ako nga’y nabigyan ng pribilehiyo noon na maiakay ang isang pitumpu’t limang taong gulang na hindi naniniwala sa Diyos patungo kay Cristo, sa pamamagitan nun, di pa katagalan.

63 Si G. Wood po, na isang kapitbahay ko, at dati po siyang Jehovah Witness sa pananalig. At may anak siya na pilay, na ang isang binti’y maiksi. At ’yung maybahay niya, sa palagay ko, ay kasapi sa—sa Anderson movement ng Church of God. At sila po’y nagpunta sa Louisville, Kentucky, kung saan namalagi sila sa isang munting lugar dun na ang tawag ay Crestwood, mga tatlumpung milya ang layo mula Louisville.

64 At dun sa pagtitipon sa may awditoryum, nasaksihan nila ’yung kabataang babae na may kung anong sakit, na, siya’y para ngang papunta na sa pagiging yeso o bato. At sa sakit na ’yun, naparalisa na siya, hanggang sa balakang niya, na di siya tuloy makagalaw nang, oh, ilang mga buwan din. At nagsimula ’yun sa mga paa niya. Ipinanalangin ang kabataang babae na ito, isang gabi, at nung sumunod na araw ay patakbo-takbo na siya nang paroo’t parito doon sa mga baitang, nang simbilis na makakaya niya.

65 Pagkatapos dinala ni G. Wood ang kanyang anak na lalaki. Haya’t, nung mga panahon na ’yun ay di pa siya nakadadalo sa pagtitipon. At bigla namang pagkatapos nun, dinala naman ako sa ibayong-dagat, humayo roon para sa ating Panginoon. At sa pagbabalik-bansa nagkaroon ako ng pagtitipon sa dako ng. . .sa Ohio, at dinala niya roon ang binatilyo, ang pangalan

ay David. At nakaupo siya roon sa talagang likod na mismo, oh, halos kalahating bloke ng siyudad ang layo.

66 At dumating po ang Espiritu Santo at nagsabi, "May isang lalaki ngayong gabi. At siya at ang maybahay niya'y nakaupo sa likod na likod." Di ko pa siya nakikita noon sa buong buhay ko. At sabi, "Ang lalaki, ang pangalan niya ay Wood. Isa siyang kontratista. May anak siyang lalaki na pilay at may polio, na ang isang binti'y maiksi dun sa isa. Pero, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, magaling na ang bata."

67 Siya nga'y di pa sanay sa ganoon, haya't nanatili lang sa pagkakaupo roon 'yung batang lalaki. At pagkalipas ng ilang sandali, sabi nung nanay niya, "David, ano kaya't subukan mo kayang tumayo?" At nung tumayo siya, 'yung binti'y normal na tulad nung isa.

68 Ipinagbili nung lalaki ang kanyang negosyo't lumipat po, sa katabing bahay. Oh, kalugud-lugod nga siyang kapatid! Nung isa ngang umaga nung mabalitaan niya na sasadya ako rito't magtatagal nang kaunti, siya'y. . .Halos magliliwanag na nun, nung palabas na ako ng bahay, hayun nga siya, nakatayo roon sa may kalsada't, umiiyak nang *paganoon*; makikisakay, dahil siya raw ay sasama sa akin. At niyakap niya ako't lumakad na sa daan. Talagang kahanga-hangang kapatid! Siya'y matalik ko talagang kaibigan.

69 Nagpunta kami noon sa estado ng Kentucky, mangangaso ng squirrel, mga tatlong taon na ang nakararaan. At talagang tuyo noon ang klima. At ngayon, kung mayroon sa inyo rito na mga taga-silangan ay alam n'yo 'yung kulay-abong squirrel, na siya. . .Si Houdini na bihasa sa patakas-takas ay baguhan lang, kung ikukumpara sa kanya, kapag takot siya. Hayan nga't, nakahiligan kong mangaso ng ganoon, kaya nangaso kami ng mga ganoon gamit ang .22 na mahahabang baril. At nangaso po kami. Bakasyon ako noon ng mga dalawang linggo, at naroon kami sa ilang namamalagi. At napaka tuyo po ng panahon. At kapag lalakad ka nga roon sa kakahuyan ay parang may—may dahon ka na maapaka't kakaluskos, at 'yung maliit na nilalang, oh, naku, whew, bigla mo na lang silang di makikita. Mabilis na nakakawala.

70 Mangyaring ang sabi ni Kapatid na Wood, "Kapatid na Branham, may alam akong isang—isang lugar dito na talagang tagong talibis."

71 Ilan po rito ang nakakaalam kung ano ang talibis? Buweno, saang parte ka ng Kentucky nakatira? At 'yun kasi ang tawag nila dun sa bandang Kentucky. Dito sa dako rito, sa palagay ko ang tawag n'yo roon ay lambak o parang ganun, kung saan umaagos ang tubig mula roon sa pinagsasangahan ng ilog. At kapag nakarating ka sa mga tagong lugar na 'yun, at lagi pong

mamasa-masa roon, at makakapag lakad ka roon na di gagawa ng kaluskos.

72 Sabi niya, "Pero 'yung matandang lalaki roon ay isa siyang di naniniwala sa Diyos, at, oh, ilag siya sa mga mangangaral." At 'yung una kong beses na mapadako sa lugar na 'yun, ay sa isang pagtitipon pa.

At sabi ko, "Ganoon ba. Iyo, iyo ba siyang kakilala?"

Sabi niya, "Yung tatay ko ang kilalang-kilala niya."

73 Sabi ko, "Halika't magtanong tayo sa kanya, dahil di tayo tagumpay sa ginagawa natin dito."

74 At sumakay na kami sa munti niyang truck, at tumungo sa kakahuyan, at pababa dun sa mga burol. Oh, naku! Sa wakas ay nakarating kami sa munting dako na 'yun. At may dalawang matandang lalaki na nakaupo sa ilalim ng puno ng mansanas. Mga ika-20 noon ng Agosto.

75 At mangyaring bumaba na siya ng truck, nagpunta roon, at nagpakilala siya, "Ang pangalan ko po'y Wood." Sabi, "Ako po si Banks Wood." Sabi niya, "Iniisip ko lang kung ayos lang na makapangaso kami rito sa lugar n'yo."

Sabi nung matanda, "Ikaw na ba 'yung anak ni Jim Wood?"

76 Ngayon, 'yung tatay niya ay isang tagabasa dun sa Jehovah Witness, o dating tagabasa. At ang buong pamilya'y lumapit kay Cristo, bawat isa, dahil sa mga pangitain. Bawat isa, may paunang pasabi na sa kanila bago pa 'yun mangyari, at 'yun mismo ang nangyayari. Oh, kung magagawa ko lang sana na huminto't ikuwento sa inyo ang kuwento ng pamilyang 'yun, kung paano sila lumapit. Bawat isa sa mga anak ay naroon sa Kaharian ng Diyos ngayon, nabautismuhan ng Espiritu Santo.

77 At kaya nung tanggapin ito ni Banks, ang kanyang . . . 'yung buo niyang pamilya'y itiniwalag siya. Ganoon-ganoon lang. Tiwalag siya.

78 Pero, isa-isa po, bawat isa kanila na dumadaan lang, para "mangumusta" sa kanya, hinahagip sila nung Espiritu Santo't magsasaysay sa kanila ng mga bagay-bagay, at doon nga sila naakay. At pagkatapos ipapatotoo nila 'yun sa isa na naman. Tapos mapupunta roon 'yung isa, sasabihin Nito sa kanya ang kung anong bagay, at pagkatapos siya naman ang maaakay. At sa ganoong paraan nakalapit ang buong pamilya kay Cristo. At kaya nung makapunta na kami . . . makababa na ng . . .

79 Bumaba siya ng truck, at ang sabi niya sa lalaki. Sabi nung matanda, "Ikaw na ba 'yung anak ni Jim Wood?"

Sabi niya, "Opo."

80 Sabi, "Napakatapat na tao nitong si Jim Wood. Siyanga, iho. Sige't walang problema. Mangaso ka lang kung saan mo gusto."

81 Sabi niya, "Salamat po." Sabi "Isinama ko ang pastor ko."

82 Sabi niya, “Wood, nagpakababa ka na ba nang husto na nagawa mong magsama-sama ng mangangaral saan ka man magpunta?”

83 Akala ko nga’y hudyat na ’yun na dapat na akong bumaba. Kaya bumaba na ako ng truck, at naglakad-lakad na ako. Oh, naku! (Sa mga kapatiran na nangangaso. Sa mga katuwang ko sa pangangaso, alam ko na narito kayo.) At alam na alam n’yo kung papaanong ’yung dugo at ’yung dumi, at ’yung balbas ko ay *ganoon* nang kahaba, alam n’yo; walang ligo nang dalawang linggo, at, oh! Kaya bumaba na ako sa truck at naglakad-lakad lang dun sa gilid-gilid. At tiningnan ako nung matanda mula ulo hanggang paa, nang dalawa o tatlong beses. Siguro’y iniisip niya, “Naku isang mangangaral!”

Sabi ko, “Kumusta po kayo?”

At sabi niya, “Kumusta ka rin?”

84 At haya’t ipapakilala na sana ako noon ni G. Wood kung sino ako, na aking . . . kanyang pastor. At sabi niya . . .

85 Bago pa siya makapagsalita, sabi nung matandang lalaki, “Buweno,” sabi niya, “Sinasabi ko nga sa iyo ngayon.” Sabi niya, “Kilala ako—kilala ako na di naniniwala sa Diyos. Kung tutuusin di ko kailangan ng mga tao, na nagpapatawag sa sarili nila na mga mangangaral daw sila.”

Sabi ko, “Sige, po. Walang problema.” Sabi ko, “Opinyon n’yo naman po ’yan.”

At sabi niya, “Buweno, alam mo, isa akong di kumikilala sa Diyos.”

86 Sabi ko, “Sa palagay ko wala namang dapat ipagmalaki sa bagay na ’yan. Sa tingin n’yo po?”

Sabi niya, “Buweno, ayos lang ’yun.”

87 Kaya sabi ko, sa isip-isip ko sa puso ko, “Panginoon, kung ako po’y tutulungan Mo, Iyo pong tulungan ako ngayon.”

88 Yung isang matandang lalaki na nakaupo rin dun, wala nga siyang sinabi na kung anuman. Yung mga sumbrerong ’yun na may malaking tupi sa gilid, di ko lang alam . . . Kung pamilyar kayo roon, may tahi dun sa tupi nun gamit ang pisi, alam n’yo. At hayun nga’t matagal-tagal na silang nakaupo roon.

89 Tapos ang sabi niya, “Alam mo kung anong di ko gusto sa inyo na mga ministro? Kumakahol kayo sa maling puno.”

90 Ilan po ng nakakaalam sa ibig sabihin nun, “Kumakahol sa maling puno”? Kumbaga aso ’yun na kabulaanan ang sinasabi, alam n’yo, dahil kumakahol sa maling puno. Yung hinahabol kasi nilang pinangangaso ay nakaalis na pala mula dun sa taas. Wala nang mapapangaso sa taas doon. Kita n’yo?

91 Kaya ang sabi niya, “Kayo na mga ministro’y kumakahol lang kayo sa puno. Wala namang naroon sa itaas,” sa madaling

sabi. "Sinasabi-sabi n'yong may Diyos, at wala namang Diyos talaga."

"Buweno," sabi ko, "siyanga't, naniniwala kasi kami."

Sabi niya, "Buweno, marahil naniniwala kayo, pero basta ako hindi."

Sabi ko, "Buweno, wala pong anuman."

92 Tapos sabi niya, "Nakikita mo ba 'yung lumang tsimineya na 'yun dun sa ibabaw ng burol?"

Sabi ko, "Opo, ginoo."

93 Sabi, "Sa dakong 'yun ako ipinanganak." Tapos ang sabi, "Itinayo ng tatay ko ang lugar na ito rito sa ibaba. Lumipat kami rito sa ibaba nung mga labing-anim na taong gulang ako noon. Nung mamatay na ang tatay ko, ako na ang namahala dito sa lugar na ito. Dito ko na tinaguyod ang pamilya ko. Ako nga'y narito na nang mga pitumpu't anim o pitumpu't walo, o parang ganoon, na mga taon." Sabi pa niya, "Lagi-lagi akong tumatanaw-tanaw, araw-araw, sa himpapawid. Sa kakahuyan nga rito'y tumanaw-tanaw na ako. Sa buong dako nga rito'y natanaw ko na halos lahat. At di pa ako nakakita ng kahit na ano man na kapareho ng isang Diyos."

Sabi ko, "Buweno, nakakalungkot naman."

94 Tapos ang sabi niya, "Yan ang dahilan kung bakit iniisip ko na kayo na mga mangangaral ay kumakahol-kahol lang sa maling puno."

95 Sabi ko, "Ganun po, pala." At pagkatapos may isang bagay na nangyari. Napatingala ako sa puno. Tumingin ako sa ibaba nun, at may mga bunga ng mansanas na nakakalat sa paanan nung puno. Sabi ko, "Ayos lang po ba sa inyo kung pupulot ako ng isa sa mga mansanas na ito rito?"

96 Sabi niya, "Walang problema kumuha ka lang. Kinakain-kain lang naman 'yan ng mga bubuyog na yellow jacket." Alam n'yo naman siguro kung ano 'yung yellow jacket, sa palagay ko.

97 Kaya ako'y—ako'y yumuko, at pinulot 'yung isa sa mga mansanas, tapos ipinunas ko 'yun sa binti ng pantalon ko, alam n'yo. At kumagat ako. Sabi ko, "Napaka inam na mansanas."

Sabi niya, "Oo, masarap talaga 'yan."

Sabi ko, "Ilang taon na po ba ang puno na ito?"

98 Sabi niya, "Ako kasi ang nagtanim n'yan. Siguro, mga apatnapu't pito, apatnapu't walong taon na, parang ganoon." Sabi, "Munti't maliit na usbong pa lang 'yan noon nung itanim ko." Sabi, "Napulot ko 'yun sa kung saan nung una, sa kung saang dako sa ibang lugar, at dinala ko para maitanim dito."

Sabi ko, "Ganoon po, pala." Tapos sabi ko, "Taon-taon po ba itong namumunga?"

99 "Taon-taon at maiinam na mga mansanas ang ibinubunga niya." Sabi, "Di kami nauubusan ng mga bunga ng mansanas sa dako rito."

100 Tapos sabi ko, "Buweno, napaka inam po pala. Natutuwa ako na marinig 'yan." Tapos ang sabi ko, "Alam n'yo, heto't ika-labinglima pa lang ng Agosto." Sabi ko, "Siyamnapu ang temperatura sa lilim sa ganitong panahon." Sabi ko, "Kakatwa nga na ang mga dahon ay nalalagas na sa puno, at wala naman tayong niyebe-niyebe pa."

101 At sabi niya, "Oh, dahil—dahil, 'yung dagta ay bumabalik na dun sa ugat."

"Oh," sabi ko, "ganoon po ba 'yun?"

Sabi niya, "Oo."

Sabi ko, "Bumabalik po pala sa ugat, para saan po?"

102 Sabi niya, "Buweno, kung mananatili kasi 'yung dagta sa itaas, papatayin ito ng taglamig."

Sabi ko, "Alin po ang papatayin?"

103 Sabi niya, "Yung puno. Yung binhi ng buhay kasi'y nandun sa dagta, bumababa 'yun at nagkukubli sa ibaba sa mga ugat."

Sabi ko, "Oh." Sabi ko, "Ngayon, hindi po ba't . . . Yang bagay na 'yan . . . "

Sabi niya, "Buweno," sabi niya, "Wala namang kakaiba sa bagay na 'yan."

Tapos ang sabi ko, "Wala nga, wala. Gawa ng kalikasan po kasi 'yan."

104 Sabi niya, "Alam mo, may gusto nga akong sabihin sa iyo." Sabi niya, "Bago ka magpatuloy, gusto kong sabihin ito sa iyo. Na may napakinggan ako noong isang mangangaral, na gusto ko ngang mapakinggan uli. Kung mapapadako siya sa liblib na lugar na ito rito uli, gusto ko siyang mapakinggan."

Sabi ko, "Oh? Mainam 'yan," sabi ko.

105 Sabi niya, "Bumisita siya rito sa may Acton mga dalawang taon na ang nakararaan sa isang malakihang gawain dito sa—sa malapad na lupa ng mga Methodist doon, sa campground ng mga Methodist."

106 At napatingin si Banks. Bumaling po ako kay Banks, sabi ko . . . Kay, kay Kapatid na Wood. Sabi ko . . .

107 At sabi nung matandang lalaki, "Nakalimutan ko lang ang pangalan nung lalaki." Sabi, "Alam mo, ni kailan ay di pa siya nasasadya sa dakong ito noon." At sabi niya, "may matandang babae," may isang tao raw roon, "na dito nakatira't mga isang milya, dun sa itaas ng burol." Sabi, "Mamamatay na ang babae dahil sa kanser. At isinugod na nila 'yung babae sa Louisville, sangdaan at dalawampung milya ang layo, at inoperahan 'yung

babae nung mga doktor. At 'yung buo niyang tiyan ay balot na balot na, mapasa bituka't lahat na, ng kanser. At wala na raw silang magagawang remedyo sa kanya." At sabi, "Pagkatapos kanila nang. . .tinahi na nila siya't pinauwi. At ang maybahay ko't ako ay sumasadya kami roon sa itaas araw-araw. At hindi kasi nila kayang ibangon-bangon siya; ang ginagawa na lang namin ay hinihila namin na kasama 'yung sapin ng higaan at papalitan 'yung sapin ng kama." At sabi, "Mga ilang linggo rin kaming pabalik-balik dun sa itaas." Sinasabi nung asawang lalaki na 'yung babae'y mamamatay na ano mang gabi, o ano mang oras. At sabi, "Yung kapatid na babae'y nakatira sa looban sa isang sapa." Alam n'yo, ganoon kasi ang pagsasabi nila ng panga-pangalan, sa ibayong 'yun. Hindi pangalan ng kalsada; kung ano ngang sapa. "Doon sa kabilang sapa."

108 May naririnig po akong natatawa. Parang puro mga tubong Kentucky ang narito. Doon sa. . .Buweno, ipinanganak nga ako sa lugar na kung tawagin nila'y Little Renox sa dako roon. Ang lolo ko po'y nakatira sa Big Renox, na dumadaloy papunta dun sa may Bombshell. Yung Bombshell Creek nama'y dumadaloy dun sa Little Renox, tapos dire-diretso sa Casey's Fork, tapos tuluy-tuloy sa Cumberland River. Ngayon, doon lang 'yun sa kabilang ibayo ng Greenbrier Ridge. Doon naman ipinanganak ang nanay ko, sa may Greenbrier Ridge.

109 At sabi niya, "Ang babae'y nakatira sa ibang lugar." Tapos ang sabi, "Mga dalawampung milya ang layo nun mula rito. At 'yung babae'y dumalo nung gabing 'yun, at nakaupo sa likod na likod nung campground." At sabi, "Yung mangangaral, nung naroon siya sa entablado, nananalangin siya para sa mga may sakit." At sabi, "Sinasabi nga nung mangangaral sa mga tao kung sino sila, at lahat na ng tungkol sa kanila."

110 Sabi, "Yung babae'y nahuli ang dating niya, at di siya nakakuha ng mga card na ipinamimigay nila roon."

111 At sabi, "Bumaling 'yung mangangaral na 'yun sa babae, at sinabi sa babae, sabi, 'Alam mo, ikaw, ginang na nakaupo riyan sa likod, ikaw si *Ganito-at-ganoon*. At ngayong gabing ito nung umalis ka ng tahanan mo, naglagay ka ng maliit na panyo sa bulsa mo, na may asul na sagisag sa sulok nito.' Sabi, 'At may kapatid na babae ka na ang pangalan ay *Ganito-at-ganoon*.' At sabi, 'Ang babae'y mamamatay na dahil sa kanser sa kanyang tiyan.' Nakita ko ito sa isang pangitain. Ngayon, kunin mo ang panyo, at ipatong ito sa kanya. At, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON, gagaling siya.'"

112 Sabi niya, "At 'yung ginang. . .Nung gabi pong 'yun, grabe 'yung narinig naming pagkaka-ingay, dun sa ibabaw ng burol. Iniisip nga namin na mistulang pinapunta nila roon sa itaas 'yung Salvation Army," sabi niya, "halos hatinggabi na noon. At iniisip namin na baka namatay na ang matandang ginang."

113 At sabi niya, “Alam mo kung ano? Ako at ang maybahay ko ay umakyat kami roon nung sumunod na araw na, para kahit paano’y makapagpakita sana kami ng pakikiramay, umagang-umaga nga noon. At hayun nga’t nakaupo ang babae sa may mesa, may takure ng kape, nagbubuhos pa kamo ng kape, at siya at ang asawa niyang lalaki’y kumakain ng mga piniritong apple pie na hugis hating-buwan para sa almusal.” Sabi ko . . .

114 Ilan po rito ang nakakaalam nung mga apple pie na hugis hating-buwan? Alam n’yo, para pong nasa amin lang talaga ako ngayon. Ano po ’yun . . . Talagang gustung-gusto ko ’yun, at gustung-gusto ko nga ’yung pulutipot na batad na ibubuhos sa ibabaw nun. At dito nga’y kung saan-saan na ako naghahanap nung pulutipot na batad. At kaya naman kung makabalik uli ako rito, magdadala ako ng sangtimba, dahil parang di po ako mabubuhay ng wala ’yun. At alam n’yo, apaw-apaw ako—ako kung maglagay nun, dahil masasabi rin na isa akong Baptist, alam n’yo. Di ako—di ako—di ako naniniwala sa pawiwik-wisik lang sa mga tinapay. Talagang binababad ko nang binababad sila’t, babad na babad talaga. At ako po’y . . . Marami ako kung magbuhos ng pulutipot, babad talaga.

Tapos ang sabi niya, “Kumakain ng ganoon ’yung babae.” Sabi ko . . .

Sa isip-isip ko, “Ito na.”

Sabi ko, “Ngayon, totoo ba talaga ’yan.”

115 “Buweno,” sabi niya, “sige’t kayo mismo ang pumunta roon at kayo mismo ang tumingin.” Sabi, “Dalawang taon na ang nakararaan.” At sabi, “Hayan nga’t kapag magtratrabaho siya ay di lang ’yung gawain niya ang inaasikaso niya; pati ’yung gawain nung kapitbahay niya’y inaasikaso niya.” Ngayon, kita n’yo, para ngang siya na ang nangangaral sa akin noon.

116 Alam n’yo, sinasabi-sabi sa akin noon ni nanay, “Bigyan n’yo ang baka ng sapat na lubid, ay siya na ang magtatali sa sarili niya.” Haya’t totoo naman pala talaga. Parang ikinadulas niya’t mistulang nailagay niya ang paa niya sa bibig niya, nung oras na ’yun, nung siya na mismo—siya na mismo ang magsabi, “Sige’t kayo na mismo ang magpunta roon at tingnan n’yo.”

117 Sabi ko, “Ngayon, tingnan mo po, ginoo. Ang ibig mo bang sabihin ay binuksan na nung mga doktor ang tiyan nung babae at natuklasan nila na may kanser siya?”

“Ganoon nga.”

118 Tapos sabi ko, “Tapos tinahi na nila siya? At tapos ang ibig mo bang sabihin ay ’yung lalaki na ’yun doon, na labing-limang milya ang layo mula rito, ay nakita niya ang babae na ’yun at sinabi nang eksakto kung ano ang mangyayari kung ipapatong nila ang panyo? At ’yung babaing ’yun ay gumaling mula sa kanser na ’yun?”

Sabi, “Sige’t kayo mismo ang pumunta roon. Sasabihin ko sa inyo kung paano pumunta roon.”

119 Sabi ko, “Hindi, hindi. Naniniwala naman ako sa sinasabi mo.” Sabi ko, “Naniniwala ako sa sinasabi mo.” Sabi ko, “Oo, ginoo. Tama.”

120 Kinakain ko nga ’yung mansanas na ’yun, alam n’yo, nung buong panahon na ’yun, nginunguya ko ’yun. Sabi ko, “Napaka inam na mansanas nga nito.” Sabi ko, “Gusto ko po sanang tanungin ka ng isang katanungan. Ano pong nagbubunsod dun sa dagta na umalis nung puno’t bumaba sa pinaka ugat?”

121 “Aba,” sabi niya, “kinakailangan nitong gawin ’yun, para mapanatili niya ang buhay niya sa panahon ng taglamig.”

122 Sabi ko, “Pagkatapos kapag nagtagsibol na naman uli, ay mamumunga uli siya ng panibagong mga bungang mansanas?”

“Tama.”

123 Tapos sabi ko, “Ngayon gusto ko pong tanungin ka ng isang bagay. Anong karunungan ang nagbubunsod sa dagta na ’yun, na nagsasabi, ‘Heto, taglagas na. Magpunta ka dun sa mga ugat at magkubli. Kung hindi, papatayin ka ng taglamig. Magpunta ka roon sa ibaba sa mga ugat at manatili ka dun hanggang sa mag-tagsibol. At tapos kapag uminit na uli at maging tamang-tama na ang panahon, hayan nga’t makababalik ka na uli at puwede ka nang mamunga uli ng mga mansanas para sa taong ito’? Ngayon, alam n’yo na buhay ’yun ng halaman. Wala ’yung karunungan sa sarili nito. Kung ganun, sabihin mo sa’kin kung anong karunungan ang nagbubunsod sa buhay na magpunta’t bumaba sa ugat ng punongkahoy na ’yun. Wala naman itong karunungan sa sarili nito.”

Sabi niya, “Ganyan talaga ang kalikasan.”

124 Sabi ko, “Kung ganoon kumuha ka ng sanbaldeng tubig, at ibuhos mo dun sa poste na nakatusok doon, at tingnan mo kung ibubunsod ng kalikasan na bumaba nga ’yun sa panahon ng taglagas, at ipanunumbalik ’yun kapag tagsibol naman. Kita mo? Hindi, mangyayari. Ano ’yun?”

125 Ngayon, bumaling muna tayo rito pansumandali. Aba po’t ang inilaang daan nga ’yun ng Diyos. Gumagana lamang ’yun sa daan na inilaan ng Diyos para rito. May munting tinig na nagsasabi mismo, “Bumaba ka sa mga ugat,” at bumababa nga ’yun doon. Ngayon, kung nagagawa nun na gawin ’yun nang walang kahit ano pang karunungan. Ano pa kaya tayo na dapat gagawa, sa pamamagitan ng siya ring Diyos na ’yun na nangungusap sa atin? Hayan nga, pero tayo’y may kalayaan na tumanggi o dili kaya’y tumanggap, at, kaya naman sa tuwina, tumatanggi tayo. Yung puno’y di tumatanggi. Isang gawi lang ang nalalaman nito, at ’yun ay, ang sumunod sa amo nito.

“Buweno,” sabi niya, “Di ko ’yan naisip noon.”

126 Sabi ko, “Sige’t sasabihin ko sa iyo. Pero pagbulayan mo muna, nang matagal, habang nasa pangangaso kami. At sa pagbalik namin, sabihin mo sa akin kung naisip mo na kung ano ’yun. . . kung ano ’yung nagsasabi dun sa dagta ng puno na bumaba roon sa mga ugat, at manatili roon ng buong taglamig, at manunumbalik uli kapag tagsibol na. Kapag napagtanto mo na kung anong klaseng karunungan ’yun na kumukontrol dun sa—sa buhay nung puno, na nagsasabi, ‘Bumaba ka sa ugat, at bumalik,’ sasabihin ko mismo sa iyo na ’yun din ang siya ring Karunungan na nagsabi sa’kin, ‘na sige’t humayo ka at ipatong mo ang panyo na ito dun sa babae, at siya’y gagaling.’”

Sabi niya, “Nagsabi sa iyo?”

127 Sabi ko, “Siyanga, po.” Sabi ko, “Ano po ’yung pangalan ng lalaking ’yun? Naaalala mo po ba?”

Sabi niya, “Di ko na masyadong maalala.”

Sabi ko, “Hindi po kaya Branham?”

Sabi niya, “Yun na nga ’yun.”

Sabi ko, “Ako po si Kapatid na Branham.”

128 Doon sa puwestong ’yun mismo’y tumayo siya, hinawakan ang mga kamay ko. Sabi niya, “Sa wakas sa buong buhay ko, ngayon ko lang nakita ang ibig mong sabihin.” Inakay ko siya noon din kay Cristo.

129 Nung sumunod na taon nung mapadako uli ako roon. Siya po’y yumao na, sumakabila na. Sa mga kaawaan nga ng Diyos! Doon nga’y nakaupo ang maybahay niya, sa ilalim nung isang puno, nagbabalat ng mga mansanas, mula sa siya ring puno na ’yun. Lumakad ako palapit at sabi ko, “Maaari po ba akong mangaso?”

Sabi nung maybahay, “Hindi kami nagpapahintulot na may mangaso rito.”

130 Sabi ko, “Pasensya na po.” Sabi—sabi—sabi ko, “Akala ko po kasi’y nabigyan ako ng pahintulot.”

Sabi niya, “Sinong nagbigay sa iyo ng pahintulot?”

Sabi ko, “Ang asawa mo pong lalaki.”

Tapos sabi niya, “Patay na ang asawa ko.”

Sabi ko, “Kamakailan lang siya namatay, hindi po ba?”

Sabi, “Oo. Di siya nagbibigay ng pahintulot kanino man.”

131 Sabi ko, “Dito po kasi sa ilalim ng puno ng mansanas na ito. . . Nung nakaraang taon, nandito ako noon, at nag-uusap kami tungkol sa puno na ito.”

Sabi niya, “Ikaw ba si Kapatid na Branham?”

Sabi ko, “Opo.”

132 Nabitawan niya ’yung bandehado ng mansanas. Sabi niya, “Kapatid na Branham, namatay siya sa katagumpayan ni Jesus Cristo, ’yun ang huli niyang patotoo.”

133 Ano ’yun? Basta’t nakita lang, di na nga nagpapakahirap na tumugaygay sa lahat ng kung anu-anong matematika’t kung paano ba nangyayari ang mga bagay-bagay, kundi isang simple at munting bagay lang, na nakikita ang inilaang daan ng Diyos, at may kung anong bagay na iyon na nananatili sa daan. Kita n’yo, ang siya ring Karunungan na magsasabi dun sa puno na wala namang sariling kaisip-isip, “Bumaba ka roon at kumubli ka para sa ikabubuhay mo,” ang siya ring karunungan na ’yun ay ang siya ring Siya na Isang ’yun na nagpakita ng pangitain tungkol dun sa babae. At nasalo niya ’yun. At hinding-hindi nga niya ’yun mapapabulaanan, alin man. Nakatayo kasi dun ’yung puno, at heto rin ’yung babae. Amen. Kita n’yo? Inilaang daan mismo ng Diyos!

134 Kahit kailan ay wala ngang natuklasan ang tao na ibang mas mainam na paraan para lumabas ang manok mula sa itlog nito, kundi ang tumuka-tuka hanggang sa makalabas ito. Wala nga silang ibang mas mabuting paraan. Wala ngang naimbento ang siyensiya na kung anong ibang paraan. Kung pipisain mo kasi ’yung balat nung itlog, para ilabas siya roon, papatayin mo lang siya. Mamamatay siya. Kinakailangan kasi niyang sundin ang inilaang daan ng Diyos, para mabuhay. Amen. Ganoon din ito sa mga tao, gayundin.

135 Siya’y pauna nang nasasangkapan. Napansin n’yo ba ’yung maliit na manok habang lumalabas siya dun mula sa itlog? Siya nga’y nasasangkapan na, ng munting tuka sa loob ng kanyang itlog, isang munting pangkaykay. At ’yung munting sisiw dun, habang nagsisimula nang sumibol ang buhay, sisimulan niyang iiling-iling ang kanyang munting ulo. Ano ang ibubunsod nun? Yung munting pangkaykay ay kakahig dun sa balat ng itlog, at ibubunsod nga ’yun na numipis. Pagkatapos habang sumisibol unti-unti ang mas higit pang buhay sa kanya, magsisimula na siyang tumuka-tuka gamit ang bagay na ’yun. At sa paglabas niya mula roon sa itlog, di na niya ’yun kakailanganin pa, kaya malalaglag ’yun.

136 At isa pang silbi nun, proteksyon ’yun sa dulo ng tuka niya. Kung wala kasi ’yun, papangit ang porma ng tuka niya, at di niya magagawang tumuka ng butil. Oh, ang ganda! Inilaang daan mismo ng Diyos para sa kaligtasan ng buhay! Diyos ang nagdisenyo sa kanya roon, ng daan para makaalis siya roon. Wala nang iba pang mabuting paraan. Anumang ibang paraan ay papatay mismo sa kanya. Kinakailangan niyang dumaan sa inilaang daan ng Diyos. Ngayon, kung ipagpipilitan n’yong umimbento ng kung anong ibang daan o mag-iisip kayo ng iba ngang paraan, mapapatay n’yo lang ’yun.

137 Yan nga ang problema sa mga Cristianong kaiglesyahan sa panahon ngayon. Pinagpipilitan nitong tumanggap ng kung anong imbentong daan, sa halip na tumuka-tuka't magtumulin sa daan, patungo sa Kaharian ng Diyos. Ang ginagawa nga ng iglesya'y tumatahak sa ibang daan, at di 'yun uubra. Papatayin n'yo lang n'yan ang inyong pasyente. Papatayin n'yo lang ang inyong—inyong—inyong supling, ang supling ng Diyos, dahil sa kakaimbento ng kung anu-anong ibang daan. "Oh, di na nga kailangan 'yang pauha-uha't pag-iyak na 'yan. Di na kailangan 'yang lahat ng *ganito*, lahat ng *ganito*." Oh, siyanga, hayan nga. "Di na kailangan nitong pagkamatay."

138 Maliban na may pagkamatay, hinding-hindi magbubunsod ng kapanganakan. Ang kapanganakan ay nabubunsod lang sa pamamagitan ng bagay na mamamatay. "Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, matitira siyang mag-isa." Kinakailangan nga nitong mabulok, at magtungo sa pagka bulok, at pagkatapos mula sa pagka bulok ay uusbong mismo ang buhay. Walang ibang paraan ang uubra. Kinakailangan talaga nitong mabulok unang-una, at pumunta sa pagka bulok. At ganoon din tayo; kailangang mamatay sa sari-sarili natin at maipanganak muli sa Espiritu Santo.

139 Hindi nga, wala silang natagpuan na mas mabuti't ibang paraan para 'yung manok ay makalabas mula sa itlog, maliban sa pagtuka-tuka nito palabas. Yun kasi ang inilaang daan ng Diyos para sa kanya, at siya'y paunang nasangkapan na para gawin ito. Hindi maglalaan ang Diyos ng daan nang di naman naglalaan ng kasangkapan para gawin ito. Kaya inilaan Niya ang daan, at inilaan ang kasangkapan para palabasin nung manok ang sarili nito. Amen.

140 Ngayon, mangyaring ganoon din na wala silang mahanap na ibang mas mabuting paraan para 'yung mga pato't mga gansa ay makapunta sa katimugan, mula sa hilaga, maliban sa maglalaksa-laksa sila't lilipad patimog. Walang ibang paraan. Kita n'yo, bago sila magsilipad papuntang timog, o lilipad mula timog pabalik ng hilaga, sila'y maglalaksa-laksa, muna. Bago nila iwan ang lugar nila o mga tahanan, patungo sa bagong tahanan, sila'y maglalaksa-laksa. Ganito nga ang ginagawa rin ng mga bubuyog. Naglalaksa-laksa sila. Yan po ang kalikasan. Ano 'yun? Sila'y nagkakaroon ng rebaybal. Sila'y naglalaksa-laksa at naglalakip-lakip na magkakasama. Wala nga kayong maririnig na mas matinding pagkaka-ingay na katulad nun sa buong buhay n'yo.

141 At bago tayo umalis sa kinapapanahanan nating ito, tungo sa isang panibago, kinakailangan nga nating maglaksa-laksa sa isang rebaybal.

142 Oh, kung makadadako kayo roon sa grupo ng mga pato't mga gansa, wala na ngang mas titindi roon na pagkaka-ingay

na maririnig mo sa buong buhay n'yo. Ano 'yung mayroon sila roon? Isang rebaybal. Naghahanda na silang pumailanlang sa himpapawid. Amen.

143 Yan na 'yan ang kailangan natin ngayon, isang rebaybal ng paglalaksa-laksa. Walang ibang daan; di pagpapa-miyembro. Hindi mahalaga sa Diyos kung marami man ang bilang. Ang mahalaga sa Diyos ay 'yung sinseridad sa inilaan Niyang daan.

144 Ngayon, wala nga silang nahanap na iba mismong paraan na hahalili dun. Wala ngang anumang ibang mas mainam na paraan. Ngayon, ano kaya kung halimbawa naisip ng siyensiya, "Kawawang mumunting mga pato. Ayaw namin silang makita na naglalaksa-laksa. At maghahagis kami ng lambat sa ibabaw nila, bago sila makapagtipun-tipon at makapaglaksa-laksa. At dadalhin namin sila patungo roon sa kulungan, at kami ang magdadala sa kanila patungong timog."

145 Katulad na katulad nga 'yan, ng ilalagay n'yo ang mga tao sa loob ng kung anong organisasyon o kung ano, alam n'yo, ikukulong n'yo siya roon. Parang diretso siya n'yan pagkatapos sa bahay-katayan. Alam nga niya na dun sa bahay-katayan ang punta niya kapag sa kulungan siya papasok. Pero kung ang punta niya ay dun sa inilaang daan ng Diyos, malayo nga siya mula roon. Kaya, marahil di ko sana sinabi 'yan. Di po ganoon ang ibig kong sabihin na—na parang naninirang-puri po ako sa isang organisasyon. Pero alam n'yo naman siguro ang ibig kong sabihin. Siguro'y ganoon lang . . .

146 Di kasi dapat ganoon ang pamamaraan dito. Di kasi uubra na dadalhin mo ang sarili mo sa isang organisasyon, at haya't ikukulong mo ang sarili roon at magsasabi, "Methodist ako, o Baptist," o kung ano pa. Hindi ganoon. Hindi, hindi.

147 Kinakailangan n'yong maglaksa-laksa. Ganoon nga. Haya't kinakailangan n'yong dalhin ang sarili n'yo sa isang katayuan na tumutuka-tuka kayo palabas doon.

148 Sila, sila nga'y pinagsasama-sama, at napupunta sila roon sa kulungan na ito. At—at kapag sila'y . . . Kapag ganoon ang nangyayari sa kanila, alam nila na diretso sila sa katayan.

149 Pero, ngayon, ano naman kaya kung maipapasok n'yo silang lahat, maipagsasama-sama n'yo sila't ilalagay sa loob ng isang hawla, at dadalhin n'yo sila sa timog, pakakawalan sila. Tapos, bago sila makapaglaksa-laksa, haya't iitsahan n'yo sila ng lambat sa ibabaw nila. "Di tayo naniniwala sa mga araw ng paghihimala." Kita n'yo? "Kayong mga munting pato kasi, di n'yo na kayang lumipad. Yung bagay na 'yun ay para lang dun kasi sa mga pato nung sinaunang kapanahunan." Hangga't ang Diyos ay gumagawa ng pato, pare-pareho ang pagkakagawa Niya sa kanila. At kung ang Diyos ay gumawa ng daan para tugaygayin ng isang pato, 'yun ang daan na dapat tugaygayin ng lahat ng mga pato.

150 At alam n'yo ba kung anong ibubunsod nun? Mapapatay nga nun ang pato. Siya kasi'y magiging lalampa-lampa, 'yung mga pakpak niya'y di tutubo nang tama. Di na siya makaka lipad. Katulad nga ng pinsan niya na sa bakuran nakatira, puro tiyan-tiyan lang at walang pagka-pato. Kita n'yo? Wala kasi siyang sapat na mga pakpak para ilipad niya ang sarili niya. Ganoon nga. Kita n'yo? Magiging lampa siya katulad ng pinsan niya na dun sa bakuran nakatira, 'yung maka-denominasyon niyang kapatid na hindi makapunta-punta sa kung saan. Kita n'yo? Ganoon nga. Kita n'yo? Ganoon nga. Yun ang mangyayari talaga sa kanya, kaawa-awa't lalampa-lampa. Wala nga siyang magiging kaalaman sa paglipad nang malaya. Amen.

151 Yan po ang nangyayari sa panahon ngayon. Pinagpipilitan natin na mailagay sila sa kulungan, at sasabihin sa kanila, "Ang mga araw ng himala'y lipas na. Haya't di mo 'yun kaya, na papailanlang 'yang paa mo mula sa lupa. Ikamamatay niya 'yun. Di siya mabubuhay nang matagal."

152 Pero, alam n'yo, sasabihin ng munting pato na 'yun, kung nakakapag salita lang siya, "Hindi po, salamat na lang."

153 "Oh, maginhawa rito. Wala kang kailangang gawin. Sige't puwede mong gawin ang anumang gusto mo."

154 Sasabihin niya, "Salamat na lang. Ako'y kumikilos naman sa paraan na gusto ko, dahil may kung anong bagay sa loob ko, na kumikilos. Amen. At kikilos at kikilos talaga ako sa paraan na gusto ko." At mangyaring ang bawat tao na ipinanganak sa Espiritu ng Diyos, may bagay sa kanya na kumikilos sa loob niya. Lilipad at lilipad talaga siya dun sa kalangit-langitan, na kung anong kalooban, may kung anong bagay na ibinubunsod 'yun na maging realidad.

155 Yung munting pato na 'yun ay mauuwi lang na parang isa na lang siyang manok, isang alagaing ibon. Di niya maitataas ang mga paa niya mula sa lupa kahit kailan. Kaya kung ang manok lang sana'y magagawa niyang lumipad nang tuluy-tuloy sa himpapawid, aba'y, magagawa nga niya nang tuluy-tuloy. Makapupunta siya sa silangan, kanluran, hilaga, at timog, at makikita sana ang mga bagay-bagay.

156 At isa pang bagay, kita n'yo, di na niya 'yun magagawa. Dahil, doon sa daan niya sana mula Canada, pumupulot-pulot siya ng iba't ibang bagay, mga pagkain na di niya makukuha kung ikukulong n'yo siya sa isang hawla, na pakakainin n'yo lang siya ng panay mais dun parati. Nakukuha n'yo po ba ang nasa pagitan ng mga talata? Haya't ilalagay n'yo siya roon, kaya ang nalalaman na lang niya'y Credo de los Apostoles, na tinatawag nila, at kung papaano't pupunta na lang ng Sunday school, at sapat na raw 'yun; magbabayad sa mangangaral, at mamumuhay ng uri ng pamumuhay na gusto niya.

157 Pero, oh, kapag kayo'y nasa paglipad, amen, kapag kayo'y nasa paglipad, nakapupulot kayo dun ng higit sa denominasyon n'yong kredo. Napupulot n'yo 'yung mga bitamina, espirituwal na bitamina na nagbubunsod na ang katawa'y maging solido, laman na laman, taglay ang balahibo sa pakpak na magdudulot sa inyo na makapailanlang sa inyong paanan at magpapakita sa inyo ng mga bagay na parating. Ang Espiritu Santo, "Kapag Siya, ang Espiritu Santo'y dumating, ipakikita Niya sa inyo ang mga bagay na ito, ihahayag ang mga bagay na ito sa inyo na sinasabi ko sa inyo; at magpapakita sa inyo ng mga bagay na parating." Siyanga. Haya't, di mo nga siya maikukulong at aasahan na mabubuhay pa rin siya. Hindi uubra. Hindi. Kung ikukulong mo siya, diretso siya sa katayan.

158 Mangyari rin na kahit ang tao na mismo'y di makapipili ng ibang mas mainam na daan kumpara sa magagawa ng pato. Kayo nga'y pupunta marahil dun at magsasabi, "Ngayon, G. Pato, may sasabihin ako sa iyo. Mali ang daan na tinutugaygay mo. *Dito* ka dapat pumunta, ibahin mo ang daan mo. *Dito* ka sa baybayin na ito magpunta, dito magpunta. Mas mainam ito kumpara sa daan na tinatahak mo." Hindi uubra. Hindi. Hindi. Iniisip ng tao na may mas mainam siyang ruta kumpara sa ruta na inilaan mismo ng Diyos para sa mga pato. Pero, 'yung mga pato'y alam nila ito.

159 O, makapipili ba kayo ng mas mainam na lider sa kanila kaysa dun sa inilaang lider ng Diyos na ibinigay sa kanila? At kailanman ay walang mapipili ang tao na kung sinong obispo, o isang organisasyon, o kung ano man na makahahalili sa lugar ng pangunguna ng Espiritu Santo sa Iglesya. Walang kahit ano na ibang bagay na makahahalili. Ang inilaan lamang na daan ng Diyos! Ang Diyos ay naglaan ng daan para sa kanila, isang Lider, isang kinasihang Lider.

160 At ang lider na 'yun ay kinasihan. Aba't, nasaksihan ko na sila nang maraming beses na, kapag maaga ako sa lakad ko sa pangangaso, na mangangaso ng tupa o kung ano na kailangan n'yong lumakad nang maaga-aga, sa taas ng mga bundok. Wala pa ang pagyeyelo. Pero marahil, dun sa itaas, may kaunting niyebe na namumuo sa taluktok ng bundok. Yung malamig na hangin ay iihip pababa sa bundok. May likas na ipinanganak na lider sa kalagitnaan nila. Lilipad nga siya roon nang mabilis sa lawa nang paganoon, at kakakak nang apat o limang beses, at hayun nga't darating ang laksa-laksa. Siyanga, po. Lahat sila'y makikilala siya. Makikilala nila siya sa pamamagitan ng paraan ng pagkakak niya. Oh, grabe!

161 Naalala n'yo 'yung ipinangusap ko kagabi, 'yung pakakak ng Ebanghelyo, kung 'yun ay tutunog nang walang katiyakan. Yung pagkakak niya'y di tunog na wa-. . .Di siya kumakakakak nang walang katiyakan. Sila'y tunay na mga pato. Alam na alam nila ang tunog ng pato. Ano kaya kung maglalagay kayo roon ng

munting dagang guinea, o pabo? Yung kiyak nga niya'y di tama ang tunog. Alam kasi nila ang tunog ng kanilang lider.

162 At ang iglesya ay marapat lamang naman na may ganoong kaalaman tungkol dun. "May anyo ng kabanalan, datapuwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito," sa mga iyon, ay di sila nadadala. "Matitigas ang ulo, palalo, maibigin sa kalayawan, kaysa sa maibigin sa Diyos, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili," at mga mapag alimura sa mga pato na siyanga't lumilipad. Kita n'yo? Nakita n'yo ang ibig kong sabihin? Kita n'yo?

163 Napagkikilala nila ang tunog ng Ebanghelyo. "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking tinig." [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] "Sa iba'y di sila magsisisunod." Pinatutunayan nga 'yan ng Diyos sa tuwina.

164 Pansinin, ngayon. At di nila magagawa na . . . Di nga uubra ang sarili mong pagpili para sa kanila. Ano kaya kung lalabas kayo dun, at sasabihin n'yo, "Oh, sandali lang, mumunting mga pato. Nagkakamali kayo. Heto ang isang mainam na malaking lalaking pato. Naku, haya't mala-hari nga siya sa kalagitnaan n'yo. At alam n'yo ba kung anong gagawin ko? Magbubuhos ako ng kaunting tubig sa ibabaw ng kanyang ulo, at bibigyan ko siya ng pasinaya. Gagawin ko siyang Haring Pato. At heto't magpapatong ako ng korona sa kanya, at dadamitan ko siya ng walang kaparis, nang sa gayon lahat kayo'y makilala n'yo siya. Lagi n'yong sundin ang pato na ito, dahil isa siyang ilustrado." Pakawalan n'yo siya dun sa tubigan. Haya't kumakak man siya nang kumakak sa abot ng makakaya niya. Bawat pato roon ay tatalikuran siya, dahil ang kakak niya ay walang katiyakan na pagkakakak. Siyanga.

165 Pero hayaan n'yong 'yung munting pato na pinili ng Diyos na maging lider, hayaan n'yong siya ang kumakak, at panoorin n'yo silang lahat na naglalaksa-laksa roon sa isang rebaybal. "Kung saan naroon ang sariwang karne, ay magkakatipon ang mga agila." Nalalaman niya ang lahat ng tungkol dun. Kita n'yo? Kaya Siya—Siya ay may inilaang daan. At alam ng mga pato ang inilaang daan. Nakakalungkot lang na ang mga tao'y walang ganoong pagkaalam. Buweno. Pero ganoon nga mismo ang nangyayari, ngayon. Buweno.

166 Kung siya kasi ang kinasihang lider na pato, dadalhin niya sila sa dako na inilaan sa kanila ng Diyos. At kung magagawa lang sana natin na makinig sa bagay na sinasabi ng Lider, ang Espiritu Santo, dadalhin Niya tayo pabalik sa Salita muli. Yun nga ang inilaang daan ng Diyos. Sa daan nga'y di naman natin kailangan ng mga kredo't denominasyon, at ligaw na dayami. May partikular na damong pang-pato at mga bagay-bagay na kinakailangan nating kainin, kailangang kainin ng mga pato, sa pagtungo nila sa timog. At may pagkain mismo na . . . Tunay

nga, mga—mga bulaklak ng Diyos, na kailangang-kailangan na kainin ng mga panghimpapawid na mga nilalang sa kanilang paglalakbay sa daan, at 'yun nga'y, "Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao, bagkus sa bawat Salita na nanggagaling sa bibig ng Diyos." Kita n'yo?

167 Yung pato na 'yun, na lider na pato, kanyang dadalhin sila patungo sa inilaang lugar ng Diyos, sadya ngang diretso mismo sa Louisiana. Samantalang, may isa dun sa kanila na di niya alam kung saan ang daan niya, papailanlang at magpapaikot-ikot lang.

168 May nabasa po ako noon sa *Life* magasin, mga tatlo o apat na taon na ang nakararaan, kung saan may isa raw matandang lalaking gansa na may kasamang grupo sa dakong 'yun dun. At inaangkin niya na siya raw ay lider. At malalaman mo na lang, napadpad sila ng Inglatera, di sila makabalik-balik hanggang ngayon. Siyanga. Kaya kinakailangan nilang maging maingat sa kung anong klase ng pato o lalaking gansa ang sinusundan-sundan nila. Kaya ang sabi nila, dun daw sa Inglatera... May mga patong galing daw ng Canada, rin. At napadpad kasi sila roon sa Inglatera, at nasa buong paligid, sama-sama, pero di na nila alam kung saan ang daan pabalik. Oh, naku!

169 Nakakalungkot na ganyan din mismo ang ginagawa-gawa ng iglesya't malimit, din, susunod-sunod patungo sa kung saan, tapos di nila malaman ang daan pabalik. Sasabihin, "Buweno, kami... Sa pagkakaunawa ko sinabi ng lola, na nung panahon ng lola niya ay sinabi ng lola niya, na nagkakaroon daw sila noon ng mga gawain ng pagpapagaling sa iglesya. Yung mga araw na 'yun ng himala'y lipas na," hayan nga't nadadala kayo ng kung sino sa maling daan. Mabuting sumunod sa kinasihang daan ng Diyos, ang nag-iisang daan.

170 Pansinin ang munting pato na ito. Walang nakakumbinsi sa kanila na dumaan sa ibang daan. Napagkikilala kasi nila na 'yung munting lider na 'yun ay pangungunahan sila nang sakto patungo sa inilaang lugar ng Diyos. At papaano 'yun nagagawa ng patong 'yun? Sa pamamagitan ng inilaang mga kasangkapan ng Diyos. Haya't may pangsagap siya, sa tuwina, na narapat lamang na mayroon din tayo, na pangsalo ng Espiritu, sa ating espirituwal na mga pangsagap.

171 Ngayon, natuklasan natin na nakalilipad siya roon sa ere, sa kataas-taasan mismo. Hayan ang mga pangsagap niya. Alam niya kung anong uri ng mga pagkain ang kailangan ng mga pato na ito para mabuhay, para makayanan ang paglipad na ito. Kaya kapag may pupulutin siyang kung anong bagay sa lapag, makikita n'yo na lumilipad siya pababa, lumalapag siya. Yung buong grupo'y bababa rin doon, magkakaroon sila ng mapagbunying kainan. At kakakak siya, haya't magsisilipad uli paitaas, diretso ng timog. Ganoon nga. Ang lider na itinalaga

ng Diyos, ang lider na inilagay ng Diyos para sa mga pato. Ganoon nga.

172 May gusto pa po akong sabihin na ibang bagay. Alam n'yo, mangyaring wala pang natutuklasan sa siyensiya, natuklasan na mas mainam na paraan para ang isang sanggol ay makuha niya ang gusto niya maliban sa pag-iyak. Alam n'yo, di nga nila kayang turuan ang sanggol na umigik. At di rin nila kayang turuan ang sanggol na magsalita na agad. Pero alam n'yo ba kung paano niya nakukuha 'yun? Haya't tumatahak lang siya sa inilaang daan para sa kanya ng Diyos. Iiyak at iiyak siya, hihiyaw, at sisipa, at sisigaw hanggang sa makuha niya 'yun. Kita n'yo? Ganoon nga. Yun lang ang tanging daan, ang iyakan ang isang bagay na 'yun. Wala nga silang matuklasang ibang mainam na inilaang paraan na mas hihigit sa inilaang paraan mismo ng Diyos. Ganoon nga. Haya't iiyak n'yo lang. At ang mga natural na mga bagay na ito . . .

173 Lumagi po ako noon, di pa katagalan, sa Alemanya, at ako nga'y nangungusap noon dun sa isang malaking grupo ng mga tao. Tapos ang sabi ko, "Anong nangyayari sa inyo na mga taga-Alemanya? Alam n'yo, naglalakad ako sa kalsada, at may asong tumahol, at ang tahol niya ay Ingles." Sabi ko, "May isa nga ring nanay na pinatatahan niya ang sanggol niya roon sa kotse, di pa katagalan, at 'yung bata ay iyak nang iyak, at ang iyak nga niya ay Ingles." Sabi ko, "Anong ikinagugulumihanan natin? Kita n'yo? Hayan nga sila na tumatahak lang sa inilaang daan ng Diyos. At tayo'y anupa't nanggaling sa tore ng Babel, kita n'yo, nagugulumihanang lubha." Ganoon nga!

174 Kailangan nating malaman na ang inilaang daan ng Diyos ang pinaka mainam na daan. Wala nga silang matuklasan na ibang paraan para makuha ng sanggol ang gusto niya kundi ang umiyak nga para rito. Gaya nga ng laging sinasabi-sabi ni Dr. Bosworth noon, "Ang sanggol na iiyak nang pinakamalakas ang nakatatanggap ng pinaka mainam na serbisyo." Yun nga ang pamamaraan talaga.

175 Ganoon din ito sa mga anak ng Diyos. Maihahambing ko nga ito sa inyo. Hayan ang isang lalaki na babangon, tapos, sabihin na lang natin, ngumunguya-nguya pa ng chewing gum, "Alam n'yo po, Ama, narito ako sa gabing ito. Kung nais Mong magkaloob ng Espiritu Santo sa akin, sige. Narito ako. Hayan din na kung gusto Mo akong pagalingin, heto ako't nakaupo po rito. Pero kung di Mo ipagkaloob, aba'y, ayos lang. Kalooban Mo naman po ito, Panginoon." Tapos na rin namang naisulat Niya ang kalooban, dito sa Biblia. "Kalooban Mo naman ito." Hayan nga. Heto ang Kanyang kalooban, *narito* mismo. "At kung nais Mong ikaloob ito sa akin, matatanggap ko ito. Pero, ano't anuman, kung hindi Mo ikaloob, aba'y, ayos lang." Wala nga kayong patutunguhan kung ganyan.

176 Pero ibunsod n'yo na ang isang tao na 'yun ay malagay sa kalagayang 'yun at hayaang umiyak nang husto, gaya ni Buddy Robinson. Huminto nga siya sa gitna ng taniman dun ng mais. Itinali niya ang kanyang mola. Sabi niya, "Panginoon, kung hindi Mo po ipagkakaloob sa akin ang Espiritu Santo, sa Iyo mismong pagbalik makasusumpong kayo rito ng bunton ng mga butong nakapatong dito. Dahil mananatili't mananatili ako rito hanggang sa matanggap ko Iyon." Yun ang seryoso.

177 Sa tuwina'y ipinamamanhik ng Diyos sa Kanyang bayan, sa Kanyang nananampalatayang mga anak, na laging tumahak sa inilaan Niyang daan. Yun mismo ang kaisipan ng Diyos, ang ipamanhik sa Kanyang mga anak, ang Kanyang inilaang daan. Umiyak kayo para sa mga pangangailangan n'yo. Gusto Niyang iyakan n'yo ito nang husto.

178 Nung nagpapasimula dun noon si Pedro, sa paglakad niya sa ibabaw ng tubig, iniisip niya na panatag na panatag na siya sa ginagawa niya. "Nakikita n'yo ba kung gaanong kagaling itong ginagawa ko?" Nagsimula siyang lumubog. Haya't di lang siya basta nagsabi dun, "Buweno, sa palagay ko nabigo ako," tapos lumubog na sa ilalim, may ilang bula ang pumaitaas, at tapos ganoon na lang. Kita n'yo? Hindi, hindi.

179 Umiyak siya nang malakas, "Panginoon, iligtas Mo ako." Amen. At ang Walang Hanggang kamay na 'yun ay umabot at itinaas siya muli. Bakit? Umiyak siya nang malakas.

180 Yan ang problema sa kaiglesyahan. Ni di man lang tayo makababad dun nang matagal. Ni di natin magawa na umiyak nang matagal-tagal. Di natin kayang manghawakan dun nang lubos. Kapag ang isang maliit na sanggol ay may kailangan siya na kung anong bagay, siya'y sisipa-sipa't iiyak, mamumula ang mukha. Natatakot siguro tayo na baka mabura 'yun (ano nga 'yung, tawag n'yo uli roon?) mascara sa mukha natin, o kung anuman 'yun, 'yung kolorete na 'yun. Kung gusto n'yong makuha—gusto n'yong makuha mismo ang inaadhika n'yo mula sa Diyos, mabubura talaga n'yo 'yan, ano't anuman. Kaya, di n'yo na kailangang alalahanin pa 'yan. Magugulo't magugulo n'yo talaga ang buhok n'yo, pero di na 'yan mahalaga. Hindi. Hindi, po.

181 Ngayon, di nga hinihingi ng Diyos na dudulog tayo dun sa Kanya na may intelektuwal na pagsasalita tayo. Naalala ko nga nung pinagpipilitan ko talaga noon na maligtas. Nagsulat pa nga ako noon ng liham para sa Kanya at ipinaskil ko 'yun sa kakahuyan, dahil alam ko na paroroon Siya sa kakahuyan at mangungusap sa akin. Sinabi ko sa Kanya na talagang hiyang-hiya ako sa sarili ko, at di ko sana—di ko sana gustong gawin 'yun. At lumuhod ako't nanalangin. Sabi ko, "Ngayon, papaano nga ba. May nakita akong larawan minsan, na inilalapat nila ang mga kamay nila nang *paganito*." Sabi ko, "G. Jesus, akin

pong ipinamamamanhik na Ikaw po'y maparito sa sandaling ito. Ninanais ko pong makipag-usap sa Iyo kahit kaunting sandali. Ako po'y makikinig." Wala pa rin. Sabi ko, "Mali yata ang ginagawa ko. Buweno. G. Jesus, siguro po'y *paganito* dapat ang gawin ko." Sabi ko, "G. Jesus, maaari po bang ako'y Iyong tulungan? Isa po akong makasalanan. Nais kong makipag-usap sa Iyo kahit kaunting sandali." Wala pa rin. Itinupi ko 'yung mga braso ko. Sabi ko, "G. Jesus, ipamamanhik Mo ba na pumarito sa dako rito? Ninanais kong . . . Naririnig ko noon ang mga tao na sinasabi nila, 'Nakipag-usap sa akin ang Diyos.'" Sabi ko, "G. Jesus, ipamamanhik Mo ba na pumarito sa dako rito? Ninanais ko pong makipag-usap sa Iyo."

182 Haya't, mangyaring ang diyablo ay sisingit sa eksena. Yan kasi lagi ang pamamaraan niya. Marahil sasabihin niya sa iyo, "Nananakit na ang tuhod mo. Di mo kailangang magmakaawa, kita mo. Hintayin mo lang, makukuha mo rin bukas ng gabi." Nariyan nga siya lagi sa paligid sa panahon na di ka handa. At pagkatapos ang sabi niya sa akin . . . Pero sa tuwina nga, sa mga sinasabi-sabi niya, mas lalo mo pang higitan ang pagkakataon sa bagay na sinasabi-sabi niya. Higitan mo pa.

183 Ang sabi ba naman niya sa akin, "Alam mo? Labing-siyam na taong gulang ka na, o dalawampung taong gulang pa nga." Sabi, "Dalawampung taong gulang ka na. Masyado nang matagal ang paghihintay mo."

184 Sabi ko, "Oh Diyos, kahit matagal na akong naghihintay. Panginoon, kahit hindi Mo ako dinirinig, mangungusap pa rin ako sa Iyo, ano't anuman. Sa tuwina'y inaasam ko na talagang gawin ito." Oh, kapatid, ibinunsod Siya nun na dumating sa eksena. Kita n'yo? Ano 'yun? Umiyak lang, ganoong kasimple. Umiyak nang lubos! "Panginoong Jesus, ipinangako Mo ito, Panginoon." Siya'y darating sa eksena.

185 Sa ganoon ngang paraan Siya maibubunsod na dumating sa eksena. Umiyak kayo na parang sanggol. Umiyak, iiyak n'yo ito nang lubos.

186 Huwag n'yong idaan sa, buweno, enggrandeng paraan, o kung ano, at masyadong kumplikado't isinulat na panalangin na inensayo n'yo, nang mga isang oras o dalawa. Hindi 'yun magdudulot nang anumang kapakinabangan.

187 Gaya ng sinasabi ng ilan, "Umusal ka ba ng panalangin?" Hindi ganoon. Kasalanan ang pag-usal. Manalangin ka mismo. Huwag mong iusal. Manalangin ka mismo. "Iusal n'yo po ako ng panalangin."

188 Sasabihin ko, "Huwag mong gawin 'yan sa akin. Puwede mo akong ipanalangin, pero huwag mo akong usalan n'yan." Huwag, po. Huwag. Haya't, ipanalangin n'yo ako sa tuwing mananalangin kayo. Buweno.

189 Iiyak n'yo ang pangangailangan n'yo. Yan ang inilaang daan ng Diyos. Hindi ba't ipinaliwanag na 'yan ni Jesus noong saysayin Niya ang tungkol doon sa walang pinagpipitaganang hukom, na iniiyakan nung babae nang buong araw at gabi? Gaano pa kaya sa Makalangit na Ama mismo na magkakaloob ng Espiritu sa kanila na umiiyak para Rito, nang buong araw at gabi? Sa paghahanap, magpatuloy sa paghanap. Sa pagkatok, magpatuloy sa pagkatok. Magpatuloy ka lang hanggang Siya'y magbukas. Manatili ka lamang doon. Umiyak hanggang sa ang ipinangakong Salita ay mapagtibay, pagkatapos ay makakamit n'yo na. Di n'yo kailangang magulumihanan. Tumingin kayo sa ipinangako ng Biblia, at pagkatapos ay manatili lamang dun at umiyak hanggang sa makamit n'yo ito.

190 Mangyari ngang kapag nakakakita ng biskuwit ang isang maliit na sanggol at gusto niya 'yun, haya't iiyak lamang siya, nang iiyak, nang iiyak, at magtataas pa ng kamay, sisipa-sipa, at sisigaw, at hihiyaw, at mamumula ang mukha. Aabutan siya ng nanay niya ng biskuwit, at tapos na. Kita n'yo? Nakuha nga niya ang bagay na nakita niya, bagay na gusto niya. Sa tuwing gusto nga niyang dumila sa iyong sorbetes, patuloy lang siya sa pag-iingay hanggang sa makuha niya ito. Kita n'yo?

191 Buweno, ganoong paraan dapat tayo. Kapag may makikita akong pangako sa Biblia na siyang Salita ng Diyos, haya't ako nga'y mananatili roon at iiyak nang husto hanggang sa ibigay 'yun sa akin ng Diyos. At gagawin Niya, maibababa ka lang Niya sa Kanyang mga kamay; kita n'yo, ganoon nga sa natural. Pero minimithi Niya talagang gawin n'yo ito. Ninanais Niya na kayo ay humingi. "Humingi nang lubhang masagana nang sa gayon ang inyong kagalakan ay malubos." Siyanga. Siyanga.

192 Umiyak hanggang sa ang Kanyang Salita ay pagtibayin. Ngayon, kaibigan, tayo po'y magmatyag pansumandali ngayon. Umiyak hanggang sa ang Salita'y pagtibayin.

193 Ang problema lang, pagkakuha natin ng biskuwit haya't iniisip natin na 'yun na 'yun lahat. May buong hapag po mismo. Kukuha tayo't makakapagsalita sa iba't ibang wika, sasabihin natin, "Oh, kapatid, ito nang lahat 'yun." Oh, hindi. Hindi pa. Kaunti pa lang 'yan. Siyanga. "Oh, napuspos ako ng galak na ako'y napasigaw." Ilan pa lang 'yan. Pero may buo nga nun at masagana. Basta magpatuloy lang sa pag-iyak, hanggang sa . . .

194 Yan ang inilaang daan ng Diyos para sa Kanyang bayan. Ang inilaang daan ng Diyos ay ang kunin sa tuwina ang Salita Niya at manghawakang lubos Dito hanggang sa Ito'y ipagtibay mismo sa inyo. Ngayon, nasusundan n'yo ba ako? Ang Diyos, may isang inilaang daan, manghawakan lamang sa pangakong ito hanggang sa ito'y maipangyari sa inyo.

195 At, alalahanin, nakarekord ako rito ngayon. Na, anumang pangako ng Diyos sa Biblia, kung . . . May mga kundisyon nga.

Di ibig sabihin na naniniwala kayong naroon ’yun, ay ’yun na ang magpapangyari nun.

196 Hayan nga ang mga Fariseo’t mga Saduceo na sadya ngang kay rerelihiyoso pagdating dun sa mga sakramento sa abot ng makakaya nila. Pero sinabi ng Diyos, “Sila’y umaalingasaw sa Aking ilong.” Kita n’yo? Wala kasing sinseridad. Wala ’yung bagay na ’yun na dapat nakapaloob doon.

197 Kinakailangan n’yong lumapit batay sa pinagsasaligang pangako, at maging batay sa niloloob n’yong saloobin dito.

198 Tingnan n’yo ’yung apatnaraang saserdote nung araw na ’yun, o mga propeta, ni Ahab doon. Sabi nila, “Pagmamay-ari natin ang Ramoth-gilead. Si Josue, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay pinagbaha-bahagi ito. At inagaw lang ’yun ng mga taga-Syria.” At may isang propeta dun na ang sabi, “Ngayon, masdan n’yo nga, sa unang simulain ay tama talaga.” Ngayon, siya nga’y isang tunay na Baptist. At sabi niya, “Tamang-tama talaga. Yan kasi ang saligang pangako, pangako. Ang lupaing ’yun ay sa atin namang talaga.” Kaya naglabas siya roon ng dalawang malalaking sungay, at sabi, “Humayo kayo roon, at dalhin n’yo ang mga sungay na ito at sugpuin n’yo ang Syria sa pagkalugmok. Ang lupaing ’yun ay sa Israel.” Ganoon nga. Sa unang simulain, tama naman.

199 Pero anong sinabi ng munting si Micaya? Ang sabi niya, “Nakita ko ang Israel na nagkakalat katulad ng mga tupa na walang pastol.” Kita n’yo?

200 Si Ahab, ang mapagpaimbabaw na ’yun dun, pinabayaan si Jezebel na kuntrol-kuntrolin siya, pinamamamahalaan ang lahat. Ang tunay na Salita ng Diyos na nanggagaling sa propeta, ay isinumpa na bago pa ang bagay na ’yun. At kaya papaanong pagpapalain ng Diyos ang isinumpa ng propeta sa Pangalan ng Panginoon? Kita n’yo? Hindi maaari.

201 Kahit gaano pang karelihiyosong bansa tayo, gaano man ang kinamulatan nating saligan, ang bagay ay bulok na bulok na. Ligaw na.

202 Kahit gaano pang kainam ang pang-organisasyong buhay natin sa iglesya, na pinananaligan natin, ayos lang ito, siyanga, pero ang naturang bagay nga’y bulok. Isinantabi na mismo ito ng Diyos sa istante, at doon na sila nasadlak. At wala ngang sinuman sa bahagi ng kasaysayan na nagbangong muli. Kaya, mali. Ito’y tapos na, inalis. Wala nang ikabubuti.

203 Ang Kanyang Salita ang sa tuwi-tuwina’y ninanais Niya na makitang pinagtitibay. Mapagtitibay lamang Ito sa ilalim ng partikular na mga kundisyon, kapag makaabot kayo sa mga kundisyon na ’yun. Haya’t nakakita na kayo ng mga tao na tinatanggap ang Salita ng Diyos at sadya ngang ipinamumuhay ’yun sa buhay nila. At may iba na siya ring Salita ang hawak-

hawak at sa kabila nun ay wala man lang nangyayari sa kanila. May mga kundisyon nga. Ganoon po.

204 Tumingin kayo rito. May ipakikita akong isang halimbawa sa inyo rito sa Biblia. Ang Israel nga'y nasa paglalakbay noon patungo sa lupang pangako. Tapos heto ang Moab, na may pareho ring—may pareho ring relihiyon, parehong-pareho. Yun 'yung anak ng anak na babae ni Lot. At pansinin n'yo nung pumunta roon si Balaam, ang Diyos 'yun na nakikipag-usap mismo sa kanya. Nagtayo siya ng pitong dambana, katulad na katulad ng Israel na pito rin ang dambana. Naglapag siya roon ng pitong malilinis na hain, mga toro sa ibabaw ng dambana. Ganoon na ganoon eksakto ang mayroon sa Israel. At isa pang bagay, naglapag siya ng pitong lalaking tupa, na tumutukoy sa parating na Mesiyas. Yun na 'yun mismo ang mayroon sa Israel. Sa unang simulain, kapwa sila tama, sa unang simulain. Pero may mga kundisyon. Amen. Bigo siya na makita ang tunay na pangako ng Diyos.

205 Ganyan din ito noon nung dumating si Cristo. Mangyaring ganyan na ganyan din ito sa pagbalik sa panahon ngayon. May mga kundisyon. Siyanga.

206 Si Job. Ang Diyos (anong ginagawa?) gumagawa ng laang daan. Si Job, na isang propeta, ay nangailangan noon ng isang tagapag-aliw.

Ngayon, pakinggan n'yo pong maigi. Mabilis ang oras ko.

207 Si Job ay nangailangan noon ng isang tagapag-aliw. At sinubukan ng mga tao roon na ibigay 'yun sa kanya, at di nila magawa-gawa. Naibubunsod lang nila na si Job ay maalis sa pagkakalinya. Pero si Job ay laging bumabalik. Kinailangan niya ng isang tagapag-aliw. Ang Diyos ay naglaan ng isang tagapag-aliw para sa kanya, noong magkaloob Siya sa kanya ng isang pangitain tungkol kay Jesus Cristo. At napasigaw siya, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay. Ang isa kong Manunubos," nag-iisa lang naman Siya, "at sa huling mga araw ay maninindig Siya sa lupa." Ngayon alalahanin n'yo ang pangitain na 'yan.

Sinasabi n'yo, "'Aking Manunubos.'"

208 Ipinakita Niya sa kanya si Cristo. Si Cristo ang Salita. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama na ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagsalaman at nanahan sa gitna natin." At nung si Job, sa pagiging isang propeta . . .

209 Ngayon pakinggan. Si Job, sa pagiging isang propeta, ang Salita nga ng Diyos ay dumarating sa (ano?) sa propeta. Tunay nga. Doon mismo dumarating ang Salita. Sa ganyan n'yo nga malalaman kung sila'y mga propeta talaga o hindi. Nananatili sila sa Salita. Ang Salita ay inihahayag sa propeta. At si Job ay isang propeta. Wala siyang kakayahan na makita ang dulo, pero nung makita niya ang Salita, sa pagiging isang propeta,

nasabi niya mismo, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay," pagkatapos na mabigo ang iglesya, pagkatapos na mabigo ang lahat-lahat na iba.

210 Maging 'yung mapagmahal niyang asawa'y binigo siya, at inudyukan pa siyang sabihin . . . "Bakit di ka na lang humayo't isumpa ang Diyos, at mamatay ng kamatayan, Job?"

211 Ang sabi niya, "Nagsasalita ka na parang isang hangal na babae. Ang Panginoon ang nagbigay; ang Panginoon ang mag-aalis; purihin ang Pangalan ng Panginoon." At nagsimulang umugong ang mga kulog, at kumislap ang mga kidlat. Ang Espiritu'y dumako roon sa propeta, at nakita niya ang Salita. Pagkatapos ang sabi niya, "Talastas ko na ang Manunubos ko ay nabubuhay. Sa huling araw ay maninindig Siya sa lupa. Gayong sirain man ng mga uod ang katawan na ito, gayunman sa aking laman ay makikita ko ang Diyos. Amen. Makikita ko mismo. Mga mata ko mismo ang makakasaksi, at hindi ng iba. Wala tayong dala-dala sa pagpasok natin sa mundong ito, at siguradong wala tayong dadalhin pabalik. Ang Panginoon ang nagbigay; ang Panginoon ang mag-aalis; purihin ang Pangalan ng Panginoon." Grabeng Tagapag-aliw! Humiling siya ng isang miyembro sa iglesya; isang pangitain ang ibinigay ng Diyos sa naturang propeta. Humiling siya ng obispo na pumaroo't aliwin sana siya, ng presbitero; isang pangitain ang ibinigay sa kanya ng Diyos. Yun kasi ang kailangan niya.

212 Ang Israel ay nangailangan noon ng isang daan palabas ng Egipto. Kailangan daw nila ng kung anong paraan, na puwersa ng militar o kung ano, para palayain sila sa mga kamay ng mga taga-Egipto. Ang inilaan sa kanila ng Diyos ay isang propeta na dala ang pinagtibay na orihinal na Salita. Si Moises! Tama po ba? Ang gusto sana nila'y isang hukbo na mag-aaklas at dadalhin sila palabas, at gagapiin ang mga taga-Egipto. Pero ang ipinadala sa kanila ng Diyos ay ang Salita, ang propeta na dala-dala ang pinagtibay na Salita na sinalita na noong una pa ng Diyos kay Abraham, na sinasabi, "Maglalakbay ang iyong binhi sa isang dayuhang lupain. Pero dadalawin Ko sila nang may makapangyarihang kamay," ang Salita mismo ng Diyos na sinalita na noon. Umiiyak sila para sa isang tagapagligtas, at ang ipinadala sa kanila ng Diyos ay isang propeta na dala-dala ang Salita. Ang Diyos ay naglaan ng daan para maibukod ang pagkakaiba ng mananampalataya sa di-mananampalataya. At ang Diyos . . .

213 Ngayon, may ilan marahil sa kanila ang nagsabi, "Buweno, ngayon, kung babagsak na ang salot, magpupunta nga kami sa ospital. Kung ang salot—kung ang salot ay bumagsak mismo, alam n'yo ba kung anong gagawin namin? Magpupunta kami kay Dr. Jones. Alam niya kung anong gagawin dito." Di 'yun umubra. Gayong, napaka talino nun. "Buweno, kung pabagsak na ang salot, magpupunta nga kami roon sa ilalim ng lupa, sa

isang kuweba, at ipipinid ang pinto." Wala ngang mainam na maidudulot 'yun. "Mananatili nga kami sa loob ng bahay, at magsusuot ng panakip sa mukha, at—at magpapahid ng kung anong panlaban sa mikrobyo." Walang mainam na maidudulot ang bagay na 'yun.

214 Naglaan na ng daan ang Diyos. Siyanga. At 'yun ay (ano?) ang dugo. Inilaan na 'yun ng Diyos, gayong simpleng-simple kung titingnan, na kukuha ng dugo ng isang kordero't iwiwisik 'yun sa may pinto. Pero sa kabila nun, Diyos na mismo ang nagsabi na 'yun ang daan Niya, at Kanya 'yung tinanggap. "Ang lahat ng wala sa ilalim ng dugo ay nangamatay, na mga panganay."

215 Noong si Noe ay nangailangan noon ng inilaang daan, para iligtas ang buo niyang sambahayan, iniutos sa kanya ng Diyos na gumawa ng daong. Noong panahon na 'yun ay gumawa sila marahil ng katulad nun na mga bangka. Ganyan na ganyan ang takbo ng pag-iisip ng mga tao ngayon. Pero, nakita n'yo, isa nga 'yung espesyal na bangka. Sila marahil ay mayroon nang mga bangka nung panahon na 'yun, katulad ng mayroon sila ngayon, pero ang daong na 'yun ay espesyal na bangka. Isa 'yung . . . Pakinggan n'yo ako ngayon. Isa 'yung bangka na gawa ng Diyos.

216 At ganyan na ganyan dapat ang iglesya sa panahon ngayon. Kinakailangan nitong maging isang iglesya na gawa sa Biblia. Hindi kinakailangan na ang karanasan ko'y maging pinaka mainam na miyembro ng iglesya, bagkus ang karanasan ay gawa sa Salita ng Diyos. "Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga nananampalataya." Karanasan na gawa ng Diyos, ang tanging bagay na papailanlang sa akin paitaas. Haya't 'yun ang tanging bagay na magdadala sa inyo paitaas.

217 Anumang bagay na magpupumilit na magdala rin paitaas, di ko alintana gaano mang naglipana sila, "Heto ako . . . " Na sasabihin, "Tingnan n'yo, isa akong—isa akong kalugud-lugod na Methodist, Baptist, Presbyterian, o Pentecostal." Wala nga 'yang kabuluhan sa Diyos.

218 Ang kailangan ay mismong itinagubilin ng Diyos. At 'yun ang Espiritu Santo, sa pamamagitan ng Salita. At ang Espiritu Santo'y hinding-hindi magtatagubilin ng anumang ibang bagay kundi ang Salita lamang, dahil Ito'y ang Espiritu Santo. Ang mga kalalakiha'y pinakilos sila, oh, naisulat nila ang Biblia sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang inilaang daan ng Diyos.

219 Ngayon, ang Israel ay nangailangan noon ng—ng pabaon. At ang Diyos ay nagkaloob mismo sa kanila, at ibinukod nun ang mananampalataya mula sa di-mananampalataya. Ganyan na ganyan din ito sa panahon ngayon, ang mananampalataya at ang di-mananampalataya, ay paghihiwalayin.

220 Si Moises. Lalagpasan ko na ang maraming bahagi rito sa mga tala ko. Pero hayan nga, si Moises, isang tapat na lingkod ng Diyos!

221 Ngayon pakinggan n'yo, mga datihan na. Ilan sa inyo na tulad ko, na patanda na nang patanda sa kanilang mga taon, pakinggan n'yo.

222 Naglingkod si Moises sa Diyos nang may buong katapatan. Dinanas niya ang lahat ng pagrereklamo nila, at lahat ng mga Dathan na nagsilitawan at nagsisipagsabi, "Heto't, may ibang kalalakihan dito na mga propeta rin maliban sa iyo. Hindi lang ikaw ang nag-iisang munting bato sa dalampasigan." At alam nga niya na dala niya ang mensahe ng Diyos para sa kanila. Pero hayan ang mga manggagaya na nagsisilitawan.

Nasabi na lang ni Moises, "Diyos, ano pong puwede kong gawin?"

223 At sinabi Niya, "Ihiwalay mo ang sarili mo. Palulubugin Ko ang buong ito. Kunin mo ang iyong mga tungkod, at magpunta ka roon at tingnan mo kung alin ang mamumulaklak. Kita mo? Ipakikita Ko mismo kung sino ang saserdote, kung sino ang propeta."

224 At si Moises ay naglingkod sa tungkulin na 'yun nang may buong katapatan. Pagkatapos nung tumanda na siya, sandaan at dalawampung taon siyang lumakad nang tapat kasama ang Diyos. Lahat nitong apatnapung taon sa ilang, tiniis ang lahat na ng uri ng pag-uusig ng iba't ibang bansa't maging ng bayan mismo, nang walang patid. At pagkatapos ay dumako siya sa isang lugar para dun mamatay. Kinailangan niya ng lugar para dun mamatay. Naglaan ang Diyos sa kanya ng isang dako sa ibabaw ng Bato.

225 Oh Diyos, Iyo pong itulot na mamatay, rin ako, sa ibabaw ng Bato na 'yun. Ang Bato na 'yun ay si Cristo, alam n'yo. Ang Diyos ay naglaan ng isang dako kay Moises para dun mamatay. Yung dakong 'yun, lamang, ang gusto kong kamatayan. Iyong itulot na ako'y mamatay kay Cristo.

226 At pagkatapos nung mamatay na siya, ang katawan niya'y nakapatong doon, kinailangan niya ng maghahatid sa kanya. Kaya naglaan ang Diyos ng mga maghahatid, na mga Anghel. Bakit? Sila lang ang tanging Isa na makapagdadala sa kanya kung saan siya patutungo. Amen. Ang Diyos ay naglaan ng mga maghahatid. Ganoon nga.

227 Ako'y umaasa lamang talaga sa Espiritu Santo, sa Salita, ang pangako. Hindi sa ihahatid ka sa kung anong enggrande't magarbong libing. Ganoon ang ginawa nila noon sa mayamang lalaki, pero sa impyerno niya iminulat ang kanyang mga mata. Kita n'yo? Hindi mahalaga ang magarbong libing. Di 'yun ang mahalaga. Ang gusto ko'y tumahak sa inilaang daan ng Diyos. "Sila na mga nakay Cristo ang dadalhin ng Diyos kasama Niya

sa Kanyang pagdating." Yun ang pabaon. Naglaan ang Diyos para sa Kanyang tapat na propeta ng isang dako para doon mamatay.

228 Si Enoc, pagkatapos na lumakad nang limang daang taon kasama ang Diyos, at sinabi sa kanya ng Diyos, "Enoc, di mo kailangang mamatay. Gusto mo na bang umuwi na sa tahanan? Hindi ba't nananabik ka nang makauwi sa tahanan, Enoc?"

Sabi niya, "Opo, Panginoon. Sabik na sabik na akong makauwi sa tahanan."

229 Sabi, "Naiinip ka na ba sa paglalakad mo sa bahay-peste na 'yan nang matagal-tagal na ring panahon?"

Sabi niya, "Opo."

Sabi, "Sige, magpatuloy ka lang sa paglakad."

230 Mistula ngang ang kailangan ni Enoc ay hagdang-akyatan. Ang ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ay daang-bayan. Yun ang inilaan sa kanya ng Diyos. Naglaan sa kanya ng daang-bayan, paitaas! Hindi siya . . . Siya'y dumiretso lang ng tahak paitaas doon, gaya *nun*. Di niya kailangang magkandapilay-pilay, na kung ano. Nagtumulin lang siya paitaas; at hayan ang Espiritu Santo, sa likuran niya, itinaas siya. Pumaitaas siya sa daanan ng kabanalan, diretso mismo sa Kaharian ng Diyos.

231 Si Elias, matapos na hatulan niya ang putol na mga buhok at pinturadang mga mukha, nang buong buhay niya, hatulan si Jezebel, na unang ginang, siya at ang kilalang presidente nung panahon na 'yun, na nagpakita ng di magandang ehemplo sa mga tao at kung kaya't natangay sila. At—at, kung tutuusin, iniisip nga niya na siya lang ang tanging nangangaral tungkol dun. Dala-dala niya ang bagay na ito saan man siya magpunta. At ganoon na lamang kabigat ang ginagawa niya, anupa't siya nga'y napagod, at gusto na niyang umuwi sa tahanan. At alam niya na ang Diyos ay buhat dun sa Kaitaasan. Ang dapat sana'y lubid ang kailangan niya para makaakyat, para makadako sa Langit, pero nagpadala sa kanya ang Diyos ng isang karwahe na nakatali sa dalawang kabayo. Yun ang inilaang daan ng Diyos para kunin siya. Marahil naghahanap ng kung anong lubid, pero karwahe ang ipinadala sa kanya ng Diyos. Yun ang Kanyang pamamaraan. Si Josue . . .

232 At dun sa dulo ng daan, 'yun nga ang dulo ni Elias. Dulo ni Noe. Yun, sa lahat ng pagkakataon, ang dulo.

233 Ngayon, si Josue, nung makarating siya sa dulo ng daan, sa loob ng ilang, masdan n'yo, kinailangan niya ng tulay para makatawid dun sa ibabaw mismo ng Jordan, patungo sa lupang pangako. Ang Diyos . . . Siya, kinailangan niya ng isang tulay. Pero ang inilaang daan ng Diyos ay isang kapangyarihan, hindi isang tulay. Nagpadala Siya ng kapangyarihan, at pinanatili Niya ang ilog na humimpil muna. At siya'y nakapaglakad sa

ibabaw ng tuyong lupa. Yun ang inilaang daan ng Diyos, hindi isang tulay. Siya'y may mas magaling na Inhinyero. Kaya, ang ipinadala Niya sa kanya ay kapangyarihan, itinulak ang tubig na humimpil hanggang sa makalakad siya sa ibabaw ng tuyong lupa.

234 Si Daniel, dahil sa paglilingkod sa Diyos, ipinatapon siya sa yungib ng mga leon. Kinailangan niya ng pangharang, pero ang Diyos ay nagpadala ng isang Anghel. Grabeng kakaiba! Yun ang inilaang daan ng Diyos. Ang kailangan niya sana'y pangharang, pero ang ibinigay nga sa kanya ng Diyos ay isang Anghel. Mas mainam na pangharang! Haya't mas mainam lagi ang ibinibigay Niya sa inyo kaysa sa hinihingi sana n'yo, sa tuwina. Oo. Ang kailangan sana niya'y pangharang; pinadalhan Siya ng Diyos ng isang Anghel.

235 Ang mga binatilyong Hebreo, kinailangan nila ng tubig, para apulahin sana ang apoy. Pero ang ipinadala sa kanila ng Diyos ay ikaapat na Lalaki. Yun mismo ang kailangan nila. Kanyang kinalas ang pagkakatali ng kanilang mga kamay, at nakipag-usap sa kanila. Nakalabas sila roon ng wala man lang amoy ng sunog sa kanila. Ang kailangan sana nila'y tubig; ang Kanyang ipinadala ay ikaapat na Lalaki.

236 Ang mga lalaking pantas sa Babilonia, sa India, nalaman nila na may bagay na malapit na noong mangyari. Alam nila na may Haring ipinanganak, at ang kailangan sana nila'y kompas. Ang ipinadala sa kanila ng Diyos ay isang bituwin na gagabay sa kanila patungo sa Hari na 'yun. Kita n'yo? Tumahak sila sa daan na inilaan ng Diyos. Parang naiisip ko nga na may ilan dun na magsasabi sa kanila, "Naku, Balthazar, alam mo, isa kang kahanga-hangang tao. Nadala mo ba ang kompas mo?"

Sabi niya, "Hindi."

"Buweno, papaano ka makapupunta roon?"

"Tatahak ako sa inilaang daan ng Diyos." Yun ang daan.

"Papaano ka makapupunta roon?"

"Sa pamamagitan ng inilaang daan ng Diyos."

"Ano naman 'yun?"

237 "Ang Bituwin na 'yun, hayun nga. Yun ang inilaang daan ng Diyos para sa amin." Ang kailangan sana nila'y kompas, at ang ibinigay naman sa kanila ng Diyos ay isang bituwin.

238 Mangyaring isang araw ay nangailangan ang sanlibutan ng isang Tagapagligtas, at inilaan ng Diyos ang Kanyang Anak. Sa Kanyang pagdating, Siya'y di nakilala. Ni hindi man lang Siya inibig. Sinasabi-sabi nila na gusto nila ng Tagapagligtas. Pero nung ipadala na mismo ng Diyos sa Kanyang paraan. . .Ang hinihiling sana nila'y hari; ang ibinigay sa kanila ng Diyos ay isang Sanggol. Ang hinihiling sana nila'y malakas na lalaking dudurog sa Roma paalis. Ang ibinigay sa kanila ng Diyos ay

isang munting, umiiyak na Sanggol sa sabsaban. Kita n'yo? Pero 'yun nga ang inilaang daan ng Diyos. Tayo. . .Pero di nga nila nagustuhan 'yung paraan na nilayon mismo ng Diyos na maipadala 'yun. Ang gusto nila'y sa paraan sana na katanggap-tanggap sa kanila. Kita n'yo? Kaya, ang nangyari, napadpad sila sa malaking kalituhan dahil di nila tinanggap ang Kanyang daan. Pero may mangilan-ngilan na tumanggap.

239 Ito nga ang dakong pinagmulan ng Iglesya, sa Pentecostes, pagkatapos na mag-atas sa kanila si Jesus na "Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Ang mga tanda na ito'y lalakip sa kanila na sasampalataya." Sinabi Niya sa kanila kung ano ang gagawin. Sinabihan sila na magtungo, sa bayan ng Jerusalem, at maghintay. Kinailangan daw nilang gumawa ng mapagsasaligan. Kailangan daw nila ng mapagsasaligan. Ang gusto sana nila'y maglatag ng kredo. Ang ibinigay naman sa kanila ng Diyos ay Banal na Espiritu. Oh! Ang kailangan daw nila'y denominasyon, pero ang ibinigay sa kanila ng Diyos ay isang Espiritu. Ibang-iba nga, ang paraan ng Diyos sa paggawa nito! Ang Espiritu Santo ang inilaang daan ng Diyos para pangunahan ang Iglesya, hindi obispo. Ang Espiritu Santo, 'yun nga, ang naging saligan nila. At mula nung araw na 'yun, hanggang sa ngayon, 'yun ang siyang saligan sa tuwina ng bawat tunay na naipanganak na muling anak: ang Espiritu Santo.

240 Ngayon, matapos ang dalawang libong taon, mga kaibigan. Patapos na tayo. Ngayon, matapos ang dalawang libong taon, ang tao'y nagpumilit na gumawa ng sariling daan. Gumawa siya ng sariling mapagsasaligan. Gumawa siya ng pansariling gawang-taong mga etika. At anong ibinunsod niya? Nagkaroon nga, dahil dun, ng malaking pagkalaglag mula sa Katotohanan. Nalihis sila sa. . .Ang mga tao'y di nila malaman kung ano bang gagawin. Mga kredo, mga denominasyon, lahat ng uri ng mga ismo, mga sensasyon, at lahat ay kanya-kanya sa pagsabi, "*Ganito* ang pagkasabi rito ng Biblia." Kukunin nila *itong* bahagi Nito rito, pero di nila kukunin *iyang* bahagi Nito. Hindi kasi sila sumusunod sa dapat na saligan, kaya naligaw sila sa landas. At lumipas na nang lumipas ang mga taon, heto tayo na may siyamnaraan at higit-kumulang na iba't iba mismong mga organisasyon ng Cristianismo, at bawat isa'y kinokondena ang isa pa, at sinasabi, "*Ito* ang tama, at sila ang mali; at *ito* kasi ang tama, at *iyon* ay mali," at kung ano pa. At ang mga kaawa-awang tao ay litong-lito na di na nila malaman kung ano ang tama at mali.

241 Ano ang kailangan natin? Kailangan nating makabalik dun sa landas, makabalik sa dapat na saligan. Ano ang kailangan natin? Kailangan natin ng dalisay, na tunay na nakabatay sa Kasulatang tanda ng Katotohanan. Isang pinagtibay mismo na Katotohanan ng Ebanghelyo ang kailangan ng Iglesya para sa

huling-panahong daan. Nangako ang Diyos na magbibigay sa kanila ng tanda para sa huling araw na ito.

242 Naaalala n'yo ba nung mangusap noon si Jesus at magsabi, "Ang reyna ng katimugan ay babangon sa huling araw, lilitaw at hahatulan ang salinlahing ito"? Nanggaling siya sa pinaka dulong bahagi ng mundo, para mapakinggan ang karunungan ni Solomon. Siya kasi'y may espirituwal na pagkilala. Ganoon ngang kalayo ang nilakbay niya, para masaksihan lamang ang espirituwal na pagkilala! Ang sabi ni Jesus, "May isang lalong dakila kaysa kay Solomon ang narito."

243 Sinabi rin Niya, hayan nga, "Kung papaanong . . . kagaya sa propetang si Jonas. Si Jonas, kung papaano ngang naroon siya sa tiyan ng balyena nang tatlong araw at gabi, ay ganoon din na ang Anak ng tao'y mapapasa pusod ng lupa, nang tatlong araw at gabi." Pagkatapos ang sabi Niya, "Isang salinlahing masama at mapangalunya ay humahanap ng tanda." Kung di pa 'yan ang tanda, o ang salinlahi na tinutukoy, hindi ko alam kung saan pa: isang marupok, masama, dumadalo ng simbahan, na mapangalunyang henerasyon. Mapaghanap sila ng tanda, at sinabi Niya na ibibigay sa kanila 'yun. "Kung papaano ngang si Jonas ay napasa tiyan ng balyena nang tatlong araw, ay gayon din ang Anak ng tao na mapapasa pusod ng lupa." Pero haya't magkakaroon mismo ng pagkabuhay na mag-uli, katulad ni Jonas na lumabas siya mula sa tiyan ng balyena.

244 Malakias, ika-4 na kabanata, ipinangako sa atin dito na sa huling mga araw, ay, "Paririto ang Mensahe na magbabalik-loob sa mga puso ng mga anak pabalik sa Pananampalataya ng mga magulang, sa orihinal mismong Pananampalataya ng mga magulang." Yan ang ipinangako sa kanila. Yan ang ipinangako ni Jesus. Makikita ng pananampalataya ng huling-panahon na mga mananampalataya ang orihinal na tanda ng Mesiyas. Pansinin. Yamang bumangon Siya mula sa patay . . . At itong mga kredo ang nagwaglit sa Kanya roon, sa hinaba-haba ng mga taon na nagdaan, at dahil sa pagtanggi sa Katotohanan. Kung ganoon ay itong bagay na kinakailangan nating makita, sa huling mga araw, ay ang pagbabalik-loob sa—sa orihinal na Pananampalataya, pabalik mismo sa Pananampalataya ng mga sinaunang pentecostal na mga magulang.

245 At mangyaring nasaksihan nila noon ang pagkabuhay Niya na mag-uli. At ngayon makikita't makikita natin ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli, ang tanda ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Si Jonas, sa tatlong araw at gabi'y napasa tiyan siya ng balyena, at nung ikatlong araw ay lumabas siya sa balyena. Si Jesus ay bumangon mula sa patay, matapos na maparoon sa pusod ng tatlong araw. Dalawang libong taon ang lumipas na wala siya sa iglesya. Pero ipinangako Niya, sa pamamagitan ni Joel, "Na ang iniwan ng tipaklong, na kinain ng kuliglig. Heto na sa kabila nito ay Aking ipanunumbalik, sabi ng Panginoon,

lahat ng kinain ng tipaklong, at ng kuliglig, at ng balang, at ng iba pa, lahat ng kinain nila. Aking ipanunumbalik ito sa huling mga araw."

246 Sinabi ng propeta, "Magliliwanag sa panahon ng gabi." Ang siya ring araw na sumisinag sa silangan ay sumisinag din sa kanluran. Panahon na mismo, na madilim ang panahon. Ang mga tao'y nagsianib, at naglatag ng mga kredo't bagay-bagay. Pero sa panahon ng gabi ay Magliliwanag: ang siya ring araw, siya ring mga resulta, siya ring mga tanda, siya ring mga kababalaghan, sa panahon ng gabi.

247 Papaano Niya pinatunayan na Siya ang Mesiyas? Ngayon, ang dapat na tanong, matapos ang dalawang libong taon na tinutuligsa ito nang husto, ay Siya pa rin ba ang Mesiyas? Buweno, kung ano Siya noon, sabi ng Mga Hebreo 13:8, "Siya ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kung ano Siya noon, marapat lamang na ganito pa rin Siya ngayon. Papaano Niya pinatunayan na Siya mismo ang Mesiyas? Sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. "Sapagkat sinabi ng Diyos," sa pamamagitan ni Moises, "Ang Panginoon ninyong Diyos ay magbabangon ng isang propeta na tulad ko rin."

248 Yun ang dahilan kung bakit 'yung babae sa balon, nung saysayin Niya sa babae ang mga kasalanan ng babae, "Hayan nga," sabi nung babae, "Ginoo, napagtatanto ko na isa Kang propeta. Nalalaman namin na sa pagdating ng Mesiyas Siya ay magsasaysay ng ganitong mga bagay sa amin."

Sinabi Niya, "Ako nga Siya, na nagsasalita sa iyo."

249 Tumakbo dali-dali ang babae at ipinamalita sa mga tao ng bayan. "Halikayo, tingnan n'yo ang isang Lalaki Na nagsaysay sa akin ng mga bagay na ginawa ko. Hindi baga't ito na mismo ang Mesiyas?" At naniwala ang mga tao, dahil sila dun noon ay naghahanap ng tanda ng pagka-Mesiyas, apatnaraang taon sila dun na walang propeta.

250 Sinabi ni Jesus, "Kung papaanong sa mga araw ni Lot, ay gayon din sa pagdating ng Anak ng tao," mangyaring inihayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa katawang laman, kumain ng—ng karne ng baka, uminom ng gatas mula sa baka, at naupo roon sa harapan nila. Ang Diyos, si Jehovah, nahayag Siya roon sa laman, na ang likod Niya'y nakatalikod sa tolda, at sinaysay kung ano ang sinasabi ni Sarah dun sa loob ng tolda.

251 "Magliliwanag sa panahon ng gabi." Ang pinagtibay mismo na Salita ng Diyos ang tanda ng panahon na kinabubuhayan natin. Magliliwanag. At ipinangako Niya, sa pamamagitan ng Malakias 4, sa maraming dako sa Biblia, na makikita mismo ng mga hirang sa huling-panahon ang siya ring pagpapahayag na nakita nila noon, dahil hindi Niya binababago ang tanda na 'yun. Ipinangako Niya 'yun.

252 Ngayon, narinig natin ang pagsasalita Niya sa ibang wika dun sa Kalbaryo. Nakita natin na ginagawa Niya ang lahat ng mga bagay na Kanyang ginawa. Nakita nga natin ang Iglesyang apostoliko sa panahon na 'yun sa pasimula, kung papaanong ang Iglesyang apostoliko, ang mga pagkilos na ginawa nila. Hetong nakikita na natin na ipinanunumbalik na ang mga 'yan sa loob ng Iglesya uli sa huling mga araw na ito. Ano 'yun? Ang Diyos 'yun, na nagpapatunay, gaya ng ginawa Niya noon kay Moises, gaya ng ginawa Niya noon sa mga kapanahunan. May inilaang daan Siya para di tayo madaya, para malaman natin. Sinabi ni Jesus, sa Juan 14:12, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga tanda na Aking ginagawa, ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman niya." Yun nga 'yun. Ngayon, kung namatay Siya't nanatili sana Siyang patay, kung ganoon matitigil ang mga gawa. Pero yamang Siya'y nabubuhay muli, haya't ang Kanyang mga gawa ay magpapatuloy kung paano nga ito nung una, dahil Siya ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

253 Pakinggan n'yo. Hayaan n'yong sabihin ko ito. Pinatunayan ni Jesus na Siya ang Mesiyas, sa pamamagitan ng mga batay sa Bibliang mga tanda ng pagka-Mesiyas. Pinatunayan Niya. Siya 'yun. Ngayon, nawa'y ipahintulot ng Diyos na mapatunayan ko mismo ngayon na Siya'y di nagbabago. Sinasampalatayanan n'yo ba ito? Pinatunayan Niya ito. Siya 'yun. Pinatunayan Niya na Siya 'yun. Nawa ako, sa biyaya ng Diyos, ay mapatunayan ko na Siya ito. Pinatunayan Niya noon na Siya 'yun. Ngayon atin pong patunayan ngayon na Siya ito. Yun kasi ang saktong ipinangako Niya. Yun ang sinabi Niya. Sa ganung paraan Niya ito sinabi. "At ang mga tanda na ito'y lalakip sa kanila na mga nagsisi sampalataya."

254 Ano 'yun? Inilaang daan ng Diyos, ang daan ng pagkabuhay na mag-uli. Ang bagay na nagdadala sa tao mula sa kanyang kamangmangan, patungo sa Liwanag ng Ebanghelyo; dadalhin siya mula sa intelektuwal niyang talino, na kung noon ay tila malaking rehimeng makinarya, ay haya't magpapakababa sa kanyang puso sa harap ng Diyos.

255 "Buweno," sasabihin n'yo, "ang lalaking 'yan ay sobrang talino, Kapatid na Branham. Apat ang digri niya. Siya'y may Batsilyer sa Sining. Mayroon siya nitong lahat ng *ito*." Wala akong pakialam anuman ang mayroon siya. Kinakailangan niyang kalimutan ang lahat ng ito na pinag-aralan niya, nang sa gayon makilala niya si Cristo. Ganoon nga. Kinakailangan niyang ibaba ang sarili niya at lumayo sa anumang bagay na ginawa sa kanya ng sanlibutan.

256 At makikilala n'yo mismo si Cristo sa pamamagitan ng pagpapakababa, sa pagsampalataya sa Kanya sa panahon na ito ng gabi. Ano nga itong binanggit ko rito, sa pasimula? Ano itong

ipinapangusap ko rito? *Pagtanggap Sa Inilaang Daan Ng Diyos Sa Huling Panahon*. Bawat isa sa mga kalalakihan dito, bawat isa sa Biblia, sa kalikasan, makikita natin.

257 Ngayon, hindi nga lilikha ang Diyos ng puno ngayon, tapos iibahin ang pagkayari sa susunod, at pagkatapos kinabukasan iba na naman ang pagkakayari. Hindi. Na parang gagawa Siya isang araw, ngayong araw na 'yung dagta ay bababa dun, tapos sa kinabukasan ay manunumbalik 'yun sa ibang paraan, at sa sunod naman ay aalisin na ba Niya 'yung dagta? Hindi.

258 Nananatili Siya sa landas. At ang bawat isa sa kanila na mga kalalakihan na pinag-uusapan natin, sa buong Biblia, ang Diyos ay nanatili sa Kanyang landas kasama sila, nang eksakto sa Kanyang Salita. Wala ngang isa man sa kanila ang naiba haya't nanatili mismo sa Kanyang Salita, sa buong dako man ng Biblia, na anupa't eksakto talaga sa Kanyang Salita.

259 Kung kaya naman kapag sasabihin mong, "Buweno, ako'y saktong nasa Kanyang Salita," haya't patototohanan Niya na 'yun ay Katotohanan.

260 Ngayon Siya'y nananatili pa rin sa landas na 'yun, ngayong gabi, kung makasasampalataya lang kayo rito. Magagawa n'yo po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

261 Iyuko natin ang ating ulo. Ngayon, tumaimtim po sa abot ng makakaya n'yo, pansumandali.

262 Ang Diyos ay naglaan ng daan, nang sa gayon Kanyang madala ang mga mananampalataya tungo sa Pananampalataya na magdadala sa kanila sa Pag-agaw. Daan ng Diyos, Kanyang inilaan na daan, para ang mga mananampalataya ay madala patungo sa Pananampalataya na magdadala sa Pag-agaw.

263 Bago po ako tumawag ng pagdulog sa altar, gusto ko pong sabihin ito. May pangunguna sa akin na gawin ito. Mayroon po bang mga maysakit sa dakong ito ngayon? Itaas lang n'yo ang inyong kamay.

264 Hihilingin ko sa inyo na tumahimik, maupo nang taimtim, pansumandali pa. Ngayon, matatapos po tayo ng mga limang minuto na lang, kung magagawa n'yo pong magpitagan nang lubos.

265 Ngayon, kita n'yo, kayo, kung paalis-alis po kayo, 'yung iba po'y hindi makapaglilimi nang mabuti.

266 Kinakailangan kong mailagay ang buong bagay sa ilalim ng pamamahala ng Espiritu Santo. Kinakailangan kong makamit 'yun, para magawa ko ito. Ang Diyos ang nangako. Hindi ako. Siya mismo ang gumawa ng pangako.

267 Ngayon, sa abot ng nalalaman ko, may ilan pong tao rito na mga kakilala ko. May ilan din na mga di ko kakilala. Ilan lang ang nakikita ko, sa tingin ko, mga nasa apat lang ang kakilala ko. At ang isa sa kanila ay si Kapatid na Williams na narito,

at si Kapatid na Rose. Kakilala ko sila. At si Nanay Sharrit na nakaupo riyan sa may pinto. Ako, hayan nga't, kakilala ko siya. Heto rin po si Kapatid na babaing Williams na nakaupo rito. Kakilala ko po siya.

268 Tapos itong binibini na nakaupo rito, mga dalawang hilera sa harapan ko rito, nagtratrabaho siya sa tindahan ng mga tela, at isang kaibigan ng pamilya. Di ko lang po matandaan ang pangalan niya, pero sa palagay ko ay miyembro siya ng iglesya ni Kapatid na Outlaw roon. Sa tingin ko po.

269 At heto rin na nakikita ko si Kapatid na Dauch at Kapatid na babaing Dauch, mga taga-Ohio, na nakaupo rito. Narinig ko rin si Kapatid na Sothmann, diyan sa likod kung saan man, na nagsabi ng "amen," kani-kanina lang. Tinitingnan ko pa. Sa palagay ko ay 'yun na po ang lahat ng nakikita ko't kakilala ko rito.

270 Ilan sa inyo ang may sakit, at nakasisiguro na di ko kayo kakilala, itaas n'yo ang inyong mga kamay, na nakasisiguro na wala akong nalalaman tungkol sa inyo, itaas n'yo ang inyong kamay. Sige po. Manampalataya lamang at maniwala.

271 Ngayon, kung Katotohanan nga ang mga sinabi ko sa inyo, ang Diyos ay obligado na patotohanan ang Salita na ito nga'y Katotohanan talaga. Tama po ba? Tama. Ngayon, 'yun kasi ang magiging inilaang daan kung ganoon, batay sa bagay na sinabi ko ngayong gabi. Yun ang inilaang daan ng Diyos para sabihin sa inyo, "*Ito* ang Katotohanan."

272 Dahil, kahit sino nama'y nalalaman nila na ganap mismong imposible ito. Masasabing himala ito na di kayang ipaliwanag ng siyensiya. Di mo kayang ipaliwanag ang himala. Lampas ito sa kayang ipaliwanag. At kung makapapangusap ang Diyos, sa gabing ito, sa isang tao na nakasisiguro na di ko sila kakilala, tapos sasaysayin sa kanila ang bagay na ginawa nila, o kung ano ang dapat sana'y hindi nila ginawa, o kung anong gagawin nila, o kung anong kailangan nilang gawin, o kung ano, gaya ng ginawa ni Jesus nung Siya'y narito pa noon sa lupa. Kanya ngang inihayag ang Kanyang Sarili sa mga tao na heto na nga ang tanda ng pagka-Mesiyas. Ilan po ang nakakaalam n'yan, sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hayan nga, sinasampalatayanan ito ng iglesya. Yun lang kasi ang tanging paraan. Yung mga tao, nung gawin Niya 'yun noon, sila . . .

273 Hinipo nung babae ang laylayan ng Kanyang damit. Siya nga'y bumaling noon, nagsabi, "Sino ang humipo sa Akin?" Sa pisikal, di Niya 'yun naramdaman, 'yung pananampalataya ng babae ang nagbunsod nun.

274 Ngayon, maaari n'yong taglayin ang ganoong uri rin ng pananampalataya kung magagawa n'yo mismong manalangin at sabihin, "Panginoong Jesus, Iyo pong iwaksi ang lahat ng pag-aalinlangan mula sa akin. Iyo pong alisin ang aking mga

pagdududa, at itulot na masampalatayanan ko ito. Ganoon na lamang katindi ang pangangailangan ko nito. At dumudulog po ako, sa gabing ito, sapagkat sinasabi ng Biblia na si Jesus Cristo ang Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa aming kahinaan."

275 Alam n'yo ba, na ang tanda na ito, ang himala na ito, ay di kailanman naipangyari sa kasaysayan magmula nang mamatay ang pinaka huling alagad? Ganoon nga. Tinugaygay ko po ang buong—buong. . . lahat ng libro ng kasaysayan na nalalaman ko, ang *Babylons* ni Hislop. Tinugaygay ko ang *Foxe's Book of the Martyrs*. Tumugaygay ako sa mga ninuno na naroon bago ang Nicaea, maging sa panahon ng Konseho ng Nicaea, at nung matapos ang Nicaea. Tinugaygay ko ang lahat ng mga librong 'yan. Wala ni isa roon na nakita ko, sa kasaysayan ni Martin Luther, John Wesley, sa unang rebaybal, sa Welsh na rebaybal. Hayan nga sila na nag-iiyakan, nagsisigawan, nagpupuri sa Diyos, na nung huli'y nakapagsalita na sila sa iba't ibang wika. At kung tutuusin 'yun na ang huling tanda. Yun kasi ang huling bagay na nakita ng Sodoma bago siya matupok.

276 At alalahanin, di Niya 'yun inihayag sa Sodoma. Inihayag Niya 'yun kay Abraham, ang pinili at hinirang. At ang kaloob na 'yun ay di mapupunta sa mga maka-sanlibutang iglesya rito, kung mapapansin n'yo. Pupunta 'yun sa hinirang na Iglesya. Sila nga ang makikinabang sa bagay na ito. Sila mismo ang makatatanggap nito.

277 Kung ipangyayari kasi 'yun sa labas sa kanila roon, haya't sasabihin nila ang siya ring bagay na sinabi nila noon nung Kanya 'yung gawin, "Siya'y Beelzebub, isang manghuhula." At kahit sino'y alam kung ano ang gawi ng manghuhula, alam na—na kahangalan ang ibansag 'yun. Di nila alam kung ano ba ang unang alituntunin ng pagbabasa ng isip o panghuhula. Yun ay gawa ng diyablo, sinusubukang kopyahin ang gawa ng Diyos.

278 Ang Diyos ay naglantad ng propeta; ang diyablo ay may manghuhula. Ang dalawang ito'y halos magkalapit sa isa't isa. Sinabi ni Jesus na dadayain nito ang mga Hirang, kung maaari. Totoo 'yun. Napakarami—napakarami na nating panggagaya. Sinabi Niya, "Kung paanong si Janes at Jambres ay nagsilaban kay Moises, ay gayon din naman ang mga taong ito na masama ang pag-iisip, tumututol sa Katotohanan. Ngunit ang kanilang kamangmangan ay mahahayag."

279 Ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, inilalagay ko ang mga narito sa ilalim ng aking pamamahala, o para sa Espiritu Santo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

280 Tatanungin ko kayo, bilang mga mananampalataya, huwag po kayong aalis-alis. Manatili lamang sa pagkakaupo. At kayo po'y manampalataya na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon,

ngayon, at magpakailanman, na narito ako para ipakilala ang Kanyang mga gawa at Kanyang mga pamamaraan.

281 Ako po'y nag-aatubili sa mga bagay na ito, sa labing-lima, labing-anim na taon na humahayo ako sa labas. Pero may isang oras na parating ngayon na may isang bagay na nalalapit nang mangyari. Ang Mensahe ay pupunta sa ibang bansa, sa ibang mga tao. Pero habang tayo'y nasa Presensya ng Banal Niyang pagka-Siya. . .Ang Iglesya sa Amerika, sa paniniwala ko, ay tatawagin na palabas. Siya'y yari na, Siya'y hinugasan na, Siya'y handa na, ang tunay na Iglesya. Laganap pa rin ang pagkukunwari. Pero ang tunay na Iglesya ay tunay na Iglesya, sa simula't sapul, ipinanganak na muli, itinalaga sa pagtawag ng Diyos.

282 Kung nananampalataya kayo nang buong puso n'yo, akin pong hihilingin sa inyo na manalangin at sabihin, "Panginoong Jesus," sa puso n'yo, "Iyo pong itulot na mahipo ko ang Iyong damit. At papaano ko po mapagkikilala na Ikaw pa rin ang siya ring Dakilang Saserdote na 'yun? Ikaw po'y mangusap sa akin sa pamamagitan ng mga labi ni Kapatid na Branham. At kung ang sinaysay niya sa amin ay ang Katotohanan, na, naniniwala po akong tunay nga."

283 Siguraduhin n'yo pong mababanggit n'yo 'yan sa inyong panalangin, dahil Siya mismo ang nagbilin nito sa akin, "Kung magagawa mo na ang mga tao'y maniwala sa iyo." Yun lang kasi. . .kayo. . .Di Siya makagawa noon ng maraming dakilang mga gawa, dahil ang mga tao noon ay di sumasampalataya sa Kanya. Di ko sinasabing maniwala kayo na ako Siya, bagkus manampalataya kayo na isinugo Niya ako. At narito po ako para ihayag Siya. Pinatunayan Niya noon na Siya nga. Nawa'y tulungan ako ng Diyos na mapatunayan na Siya'y nagbangon mismo mula sa patay, ang Mesiyas, siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

284 Ngayon tumaimtim lamang sa pananalangin. Umaantabay po ako't naghihintay. Manalangin lamang. At kung ikakaloob ito ng Panginoon, at patutunayan sa inyo na ito na mismo ang tanda ng huling-panahon, kayo ba'y lalakad sa Liwanag? Kayo ba'y mananampalataya sa Kanya, mananampalataya sa Kanya? Hindi Siya nagtatangi ng tao. Manampalataya po lamang, sa tuwina, saan man. Ngayon, habang nakayuko ang inyong mga ulo, nagpapasalamat ako sa Panginoon.

285 Heto na po 'yung Liwanag na nakikita n'yo sa litrato. Siya po'y narito na mismo sa silid na ito ngayon. At nakikita ko ito sa tabi ng isang babae na nakaupo sa kanan ko. Ang babae po'y nananalangin para sa kanyang anak na lalaki na may suliranin. Huwag pong mag-alinlangan. Manampalataya.

286 Sa kaliwa ko po ay may isang babae, at nagugulumihanan siya. Natatakot siya dahil may kanser siya. Talagang naliligalig

siya nang lubos tungkol dito. Umaasa ako na hindi niya ito mapalampas. Ang babae'y nagtiyaga, nang mahabang panahon, para makapasok. Natatakot siya. Di po siya taga-rito. Siya'y galing sa ibang bayan. At ang bayan na 'yun ay mas maliit na bayan kumpara rito, pero nasa bandang timog lang ito nito. Tabing-bundok po ito. Tucson po. Ang pangalan ng ginang ay Gng. Bach. Nananampalataya ka ba? Tinatanggap mo na ba ang kagalingan mo? Sige po. Huwag mo na itong ikatakot pa. Ang pananampalataya mo'y magpapagaling sa iyo.

287 Ang ginang naman na nagngangalang Gng. Hushey. Huwag n'yo pong kalimutan. Magagawa ng Diyos na patunayan na walang sala ang anak mong lalaki, kung sasampalataya ka lang nang buong puso mo. Huwag mag-alinlangan. Manampalataya. Maniwala.

288 May ginang na nakaupo rito sa gilid sa kanan ko, siya po'y pinahihirapan ng sakit sa puso. Ang pangalan niya ay Gng. Cloud. Kung makasasampalataya ka nang buong puso mo, tanggapin mo ang iyong kagalingan, pagagalingin ka ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Masasampalatayanan mo ba? Sige. Manampalataya ka lamang nang buong puso mo.

289 Dito naman sa ginang sa aking kanan, sa kanang hilera, nakasuot ng itim na damit. Gng. Yates, manampalataya ka lang nang buong puso mo, at 'yang sakit mo sa likod ay lilisan mula sa iyo. Oh, grabe!

290 Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sinasampalatayanan n'yo ba Siya? ["Amen."] Siya ba'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman? ["Amen."] Ngayon, yamang pinatutunayan na Niya 'yan ngayon, at hetong nakikita n'yo na tama nga, at mapapatunayan 'yan mismo ng mga taong ito na di ko pa sila nakikita sa buong buhay ko.

291 Pero, bumaling kayo rito, ngayon, kung tatanggapin n'yo ang pahayag ko na tama ang sinasabi ko, kung sasampalataya kayo nang buong puso n'yo at magpapatong ng kamay sa isa't isa, kayo'y gagaling kung sasampalataya kayo nang buong puso n'yo. Yan ang tanda ng huling panahon.

292 Ngayon magpatungan kayo ng kamay sa isa't isa, kayo na mga mananalangin sa isa't isa. Kung kayo po'y makasalanan, ipagtapat n'yo ang inyong mga pagkakasala. Kung kayo po'y tumalikod sa pananampalataya, ipagtapat n'yo nang hayagan na kayo'y nagkamali. Kung kayo po'y may sakit, ihayag n'yo mismo na nagnanais kayo na gumaling talaga, at sabihin, "Ako po'y nananampalataya sa Iyo, Diyos."

293 Ngayon, hindi sinabi ng Biblia na, "Sa pamamagitan lang ng pananalangin ni William Branham ito uubra." Haya't ang sabi Niya, "Lalakip ang mga tandang ito sa kanila na mga magsisi sampalataya. Kung magpapatong sila ng kanilang mga kamay

sa isa't isa, sila'y magsisi galing." Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

294 Ngayon, ilang beses na po, gaano na bang katagal akong kasama n'yo, Phoenix? Pang-labimpitong taon ko na po yatang, bisita ito rito. Ni minsan ba'y nakita n'yo na napatunayan na mali ito? Hindi ba't sa tuwina'y saktong-sakto ito sa paraan ng pagkakasabi rito ng Espiritu Santo. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sa libo't makailang libo, at sa dinami-dami ng mga pagkakataon; makailang beses na nga sa buong mundo, sa lahat ng mga bansa, at mga lahi, mga wika, at mga tao; si Jesus Cristo po ito, hindi ang inyong kapatid. At sinisipi ko lamang ang Kanyang Salita sa inyo. "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nananampalataya. Kung magpapatong sila ng kanilang mga kamay sa maysakit, sila'y gagaling."

295 Ngayon ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa sinuman diyan at manalangin para sa kanila. Huwag kayong. . .Huwag kayong manalangin para sa sarili n'yo ngayon, dahil sila po ang mananalangin para sa iyo. Manalangin kayo para sa kanila. At ngayon iyuko na po natin ang ating mga ulo sa kapita-pitagang Presensya ni Jesus Cristo, Na nagpatunay mismo na Siya nga'y narito sa kalagitnaan natin ngayon. Ngayon, Siya'y Diyos n'yo, kung papaanong Siya'y Diyos ko. Ngayon manalangin kayo kung papaano kayo nananalangin sa inyong simbahan. Sige't ipanalangin n'yo ang tao na nakapatong ang kanilang kamay sa inyo. Ipanalangin n'yo sila bilang ganti, at manampalataya sa Diyos.

296 Ipagtapat n'yo nang hayagan ang inyong mga kasalanan, sabihin, "Nagkamali ako, Panginoon. Panay pag-aalinlangan po ako; hindi na po ako magiging ganito. Sumasampalataya na po ako mismo ngayon na Iyong pagagalingin ako."

297 "Iyo pong pagalingin ang taong ito, Panginoon. Pagalingin Mo ang babaing ito. Pagalingin Mo ang lalaking ito. Pagalingin Mo ang babaing ito. Pagalingin Mo ang batang paslit na ito. Pagalingin Mo ang kabataang babaing ito, ang kabataang lalaking ito."

298 Oh Panginoong Diyos, Maylalang ng kalangitan at lupa, papaanong mauupo na lamang kami sa dako rito, Panginoon? Sadya ngang magbubunsod ang bagay na ito ng isa mismong Pananampalataya na magdadala sa Pag-agaw, ng isa mismong kapangyarihan ng Diyos na tatangay sa lahat ng mga nakikinig sa dako rito, Panginoon, patungo sa kataas-taasang tugatog, at sa kaluwalhatian ng Diyos.

299 Iyo pong isuplong ang diyablo, na gumapos sa mga taong ito, na sila'y pakawalan; batay sa—sa pangako ng Diyos na akin mismong sinasampalatayanan, batay sa Biblia na itinuturo ko, batay sa Diyos na Siyang nagpapatunay na heto ang Biblia, na nagpapatunay na Siya ang Diyos ng Biblia. Lumipas man ang

dalawang libong taon, Siya'y nabubuhay hanggang ngayon sa kalagitnaan namin ngayong gabi, nagbangon na mag-uli mula sa patay, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sa batayan ng nabubo Niyang Dugo, at buhay Niyang pagka-Siya, Presensya, lumipas man ang dalawang libong taon, akin mismong hinahamon ang diyablo sampu ng kanyang walang kapangyarihang espiritu ng karamdaman at pagkakasakit, na kalagan mo ang mga taong narito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Lumayas ka mula sa kanila, upang sila'y maging malaya na. Bitiwan mo ang makasalanan na 'yan. Bitiwan mo ang isa na 'yan na tumalikod noon sa pananampalataya. Bitiwan mo ang lalaki o babaing 'yan na may sakit. Inaangkin ko ang kanilang kagalingan, kanilang kaligtasan, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos. Lubayan mo sila, ikaw na nanggigitata't, masama't, napakaruming espiritu ng di-pagsampalataya't pag-aalinlangan. Lumayas ka mula sa iglesyang ito, mula sa grupo ng mga tao rito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

300 Naniniwala ako. Naniniwala ako na ang panalanging may kalakip na pananampalataya ay naipanalangin na. Gusto ko pong gawin n'yo ang isang bagay na ito ngayon. Diyan mismo sa kinauupuan n'yo, patimuin n'yo ito nang husto sa isip n'yo na parang nagtatayo ng haligi, "Dito mismo sa kinauupuan ko, sa gabing ito, noong tumayo ako at narinig ang Salita, nakita ang Diyos na pinagtibay ang Kanyang Salita, pinatunayan na Ito'y tama talaga, na ang pananalangin ng pananampalataya ay ipinanalangin mismo para sa akin. Subukan man ng diyablo na ibulong uli sa akin na ako'y may sakit, o kung may anong mali raw, dadalhin ko nga siya pabalik sa haliging ito. Sa mismong oras na ito naipanalangin na para sa akin ang pananalangin ng pananampalataya, at ako'y malaya na sa aking karamdaman. Pinalaya na ako sa aking mga pagkakasala. Ako'y anak ng Diyos, at di na ako makikinig sa anumang kasinungalingan ng diyablo kahit kailan. Ako'y malayang lingkod na ng Diyos." Amen. Magagawa n'yo ba? Sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Itaas n'yo ang inyong kamay at sabihin, "Nananampalataya ako." ["Nananampalataya ako."] Amen. Amen.

301 Para sa akin, tapos na ito. Tapos na ang gawa. Tapos na. Sinabi na mismo ng Diyos, at patunay na 'yun. Papaano pang may gagawin Siyang ibang bagay liban sa patotohanan mismo ang Kanyang Salita? Kung papaanong pinatutunayan Niya ito sa akin, magagawa Niyang patunayan din ito sa inyo. Inyo na po bang sinasampalatayanan ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mainam.

302 Sige't tumayo na tayo at papurihan nga Siya, kung ganoon, sige't itagubilin sa Kanya ang lahat ng papuri't kaluwalhatian. Amen. Sige po. Luwalhatiin ang Diyos!

303 Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus. Minamahal Ka namin. Pinapupurihan Ka namin. Tinatanggap namin ang mga bagay na ito. Nananampalataya kami na Iyo na mismong gagawin ito sa amin ngayon. Ikaw ang aming Tagapagligtas. Ikaw ang aming Tagapagpagaling, at iniibig Ka namin dahil dito. Purihin ang Pangalan ng Panginoon, kailan-kailanpaman. Iyo pong tanggapin ang mga taong ito, Panginoon, at ibunsod na sila'y maging Iyong mga lingkod mula ngayon, sa Pangalan ni Jesus.

Pagpalain kayo ng Diyos.

*Pagtanggap Sa Inilaang Daan Ng Diyos Sa Huling Panahon* TAG63-0115
(Accepting God's Provided Way At The End Time)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Martes ng gabi, Enero 15, 1963 sa Church Of All Nations sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org